

## **BIBLIOGRAPIYA**

BENDALAN, NILDA B. October, 2006. *Panlinggwistikang Pagsusuri sa mga Talaarawan ng mga Kadete ng Philippine Military Academy*. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Tagapayo: Faustina O Gualdo, Ed. D.

## **ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay nagtangkang suriin ang kakayahang panlinggwistika ng mga 4th class kadete ng Philippine Military Academy. Layunin ng pananaliksik na ito na: 1) masuri ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks na nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan; 2) masuri ang pinagmulan ng mga kamaliang nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan; 3) masuri ang epekto ng kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA sa kamalian ng mga kadete.

Sa pamamagitan ng mga ipinasulat na talaarawan ay sinuri ang nagagawang kamalian sa pagsulat at inuri ang mga ito gamit ang modelo ni Hendrickson (1980). Ang pag-uuri ay ayon sa kamalian sa morpolohiya, leksikon at sintaks. Ang pag-uuring ito ay hinati sa maling gamit at paglalaktaw. Idinagdag din sa pag-uuri ang mekaniks na tumukoy naman sa pagbabaybay at pagbabantas. Sinuri rin ang pinagmulan ng mga kamalian sa pagsulat gamit ang "intralingual" na pinagmulan ng kamalian gamit ang modelo ni Richards (1974). Ito ay ang labis na

paglalahat, kasalatan sa kaalaman sa tuntunin, di lubos na paggamit ng tuntunin at kamalian sa pagpapakahulugan na saklaw ang paghihinuha ng maling konsepto. Ang mga kamaliang nagawa ay iniugnay sa kanilang kasarian, unang wika, paararalang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA.

Para sa istatistikang pagsusuri sa mga kamalian at pinagmulan ng kamalian, ginamit ang frequency counts, percent, mean at ranking. Ang epekto ng salik ay ginamitan ng Chi-Square.

Sa ginawang pagsusuri ng mga datos ay natuklasan ang mga sumusunod:

1. a. Sa kabuuang bilang ng kamalian na 2,615, pinakamarami ang kamalian sa leksikon (42.72%), pangalawa ay ang kamalian sa sintaks (27.64%), pangatlo ang kamalian sa morpolohiya (19.43%) at pang-apat ang kamalian sa mekaniks (10.21%).

b. Sa kabuuang bilang na 1,117 kamalian sa leksikon, nanguna ang kamalian sa pandiwa (29.99%), pangalawa ang kamalian sa pang-uri (27.93%), pangatlo ang kamalian sa pang-abay (23.99%), pang-apat ang kamalian sa pangngalan (12.98%) at panghuli ang kamalian sa panghalip (5.11%).

c. Sa kabuuang bilang na 723 kamalian sa sintaks, nanguna ang kamalian sa pang-angkop (23.51%), pangalawa ang kamalian sa pangatnig (20.75%), pangatlo ang kamalian sa pantukoy (18.67%), pang-apat ang kamalian sa paggamit ng panandang "ay" (16.46%), panglima ang kamalian sa pang-ukol (12.86%) at panghuli ang kamalian sa pagkakaayos ng mga salita (7.75%).

d. Ang kamalian sa morpolohiya naman ay may kabuuang bilang na 508. Dito'y nanguna ang panlapi (40.19%), pangalawa ang pagbabanghay (30.31%) pangatlo ang gamit ng pokus (19.09%) at pang-apat ang pananda (10.43%).

e. May naitalang 267 bilang na kamalian sa mekaniks. Nanguna ang kamalian sa pagbabantas (68.91%) at sumunod ang maling bantas (31.09%).

2. Sa mga pinagmulan ng kamalian, 70.86% ay dulot ng intralingual. Nanguna sa pinagmulan ng kamalian ay ang labis na paglalahat (47.22%), pangalawa ang kasalatan sa kaalaman ng tuntunin (20.62%), pangatlo ang di lubos na paggamit ng tuntunin (17.49%) at pang-apat ang kamalian sa pagpapakahulugan o paghihinuha ng maling konsepto ang (14.68%).

3. a. Nanguna sa mga babae ang pagkakamali sa leksikon (40.0%), pangalawa sa sintaks (26.67%) at pangatlo ay sa morpolohiya (20.0%). Sa mga lalaki, nanguna ang leksikon (47.62%), pangalawa ang mekaniks (26.78%) at pangatlo ang sintaks (17.26%).

b. Sa salik na unang wika, sa morpolohiya, nanguna sa pagkakamali ang mga Waray (40.0%), sumunod ang mga Hiligaynon (38.46%) at pangatlo ang pangkat ng iba pang wika (28.57%). Sa kamalian sa leksikon naman ay nanguna ang Bicol (83.33%), pangalawa ang Bisaya (61.36%), pangatlo ang mga Waray (60.0%). Sa kamalian sa sintaks, nanguna ang mga Tagalog (30.30%), sumunod ang Ilocano (23.08%) at pangatlo ang pangkat ng iba pang wika (19.05%). Sa kamalian sa mekaniks ay nanguna uli ang mga Tagalog (19.70%), sumunod ang mga Ilocano (17.95%) at pangatlo ang mga Bisaya (9.09%).

c. Batay sa paaralang pinagtapusan ng hayskul, sa kamalian sa morpolohiya, mas malaki ang bahagdan ng mga kadeteng nagtapos sa publikong paaralan (15.45%) kaysa sa mga nagtapos sa pribadong paaralan (12.0%). Sa kamalian sa leksikon, mas malaki ang bahagdan ng nagtapos sa publikong paaralan (55.58%) kaysa sa mga nagtapos sa pribadong paaralan (48.0%). Sa kamalian sa sintaks ay mas malaki naman ang bahagdan ng nagtapos sa pribadong paaralan (20.0%) kumpara sa nagtapos sa publikong paaralan (18.70%). Maging sa kamalian sa mekaniks ay mas malaki ang bahagdan ng nagtapos sa pribadong paaralan (20.0%) kaysa sa mga nagtapos sa publikong paaralan (10.57%).

d. Sa antas ng edukasyon, nanguna sa kamaliang morpolohiya ang mga katatapos pa lang ng hayskul (29.41%), pangalawa ang mga nasa ikalimang taon (25.0%) at pangatlo ang mga nasa unang taon ng kolehyo (19.40%). Sa kamalian sa leksikon, nanguna na naman dito ang katatapos ng hayskul (58.82%), sumunod ang nasa ikalimang taon na o nakatapos na ng pag-aaral.(56.25%) at pangatlo ang nasa ikalawang taon (54.54%). Sa kamalian sa sintaks, pinanguhan ito ng mga nasa ikatlong taon (33.33%), sumunod ang nasa ikaapat na taon (12.5%) at pangatlo ang nasa unang taon ng pagkokolehyo (11.94%). Sa mekaniks naman ay nanguna sa pagkakamali ang mga nasa ikaapat na taon ng kolehyo (25.0%), pangalawa ang mga nasa ikalawang taon (23.63%) at pangatlo ang mga nasa unang taon (14.92%).

Batay sa resulta ng pananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Sa sinuring talaarawan ng mga kadete, naipamalas na ang kamalian nila sa pagsulat ay una, sa leksikon, pangalawa sa sintaks, pangatlo sa morpolohiya at pang-apat sa mekaniks. Sa leksikon ay nanguna ang kamalian sa pandiwa, pangalawa ang kamalian sa pang-uri pangatlo ang kamalian sa pang-abay, pang-apat ang kamalian sa pangngalan at panglima ang kamalian sa panghalip. Sa sintaks ay nanguna ang kamalian sa pang-angkop, pangalawa ang kamalian sa pangatnig, pangatlo ay ang kamalian sa pantukoy, pang-apat ang kamalian sa paggamit ng panandang "ay", panglima ang kamalian sa pang-ukol at panghuli ang kamalian sa pagkakaayos ng mga salita. Sa kamalian sa morpolohiya ay nanguna naman ang kamalian sa panlapi, pangalawa ang sa pagbababanghay, pangatlo ang gamit ng pokus at pang-apat ang sa pananda.

2. Sa intralingual na pinagmulan ng kamalian, nanguna ang labis na paglalahat, pangalawa ang kasalatan sa kaalaman ng tuntunin, pangatlo ang di lubos na paggamit ng tuntunin at pang-apat ang kamalian sa pagpapakahulugan o paghihinuha ng maling konsepto.


3. Ang mga salik na kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA ay hindi nakaapekto sa kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nagawang konklusyon, ang mga sumusunod ay iminumungkahi:

1. Sa pagtuturo ng wika, pagtuunan ng pansin ang bahaging leksikon dahil natuklasan hindi lang sa pag-aaral na ito kundi maging sa mga naunang pag-aaral sa kamalian na ito kahinaan ng mga mag-aaral.

2. Sa mga pinagmumulan ng kamalian, iminumungkahi ring magkaroon ng pag-aaral ukol sa iba pang pinagmumulan ng kamalian liban pa sa intralingual na pinagmumulan ng kamalian tulad ng interlingual o kaya'y induced errors na pinagmumulan ng kamalian.

3. Iminumungkahi ring magkaroon pa sana ng mas malawak na pang-unawa ang mga guro na nagtuturo ng wika maging ito ay Filipino o Ingles upang lalong maging matagumpay ang pag-aaral ng alin mang pangalawang wika.




## TALAAAN NG NILALAMAN

Nilalaman	Pahina
Bibliograpiya.....	i
Abstrak .....	i
Talaan ng Nilalaman .....	vii
PANIMULA	
Sanligan ng Pag-aral.....	1
Paglalahad ng Suliranin .....	6
Layunin ng Pag-aaral .....	6
Kahalagahan ng Pananaliksik .....	7
Saklaw at Delimitasyon .....	9
MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL	
Teorya ng Kakayahang Pangwika.....	11
Sosyolinggwistika.....	14
Saykolinggwistika.....	18
Interlanguage.....	20
Pagsusuri sa Kamalian.....	25
Pinagmumulan ng Kamalian .....	29
Mga Lokal na Pag-aaral.....	32
Balangkas ng Teorya .....	43

Katuturan ng mga Katawagang Ginamit .....	46
Haypotesis ng Pag-aaral .....	50
<b>PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK</b>	
Kinaganapan ng Pananaliksik .....	52
Mga Respondente .....	52
Paraan ng Pananaliksik .....	56
Pangungulekta ng Datos .....	57
Pagsusuring Estatistika .....	57
<b>PAGTALAKAY SA MGA RESULTA</b>	
Uri ng Kamalian sa Pagsulat.....	59
Kamalian sa Leksikon.....	60
Kamalian sa Sintaks .....	69
Kamalian sa Morpolohiya .....	79
Kamalian sa Mekaniks .....	86
Lagom ng Kamalian . . . . .	90
Pinagmumulan ng mga Kamalian .....	92
Labis na Paglalahat .....	93
Kasalatan ng Kaalaman sa Tuntunin.....	94
Di Lubos ng Paggamit ng Tuntunin .....	95
Paghihinuha ng Maling Konsepto.....	97
Epekto ng mga Salik sa Kamalian.....	100



Epekto ng Kasarian .....	100
Epekto ng Unang Wika .....	102
Epekto ng Paaralang Pinagtapusan .....	107
Epekto ng Antas ng Edukasyon. ....	111
<b>PAGLALAGOM, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON</b>	
Paglalagom .....	117
Konklusyon.....	122
Rekomendasyon.....	123
<b>SANGGUNIAN .....</b>	<b>125</b>
<b>APENDIKS.....</b>	<b>132</b>
Apendiks A - Talatanungan .....	132
Apendiks B - Panuto sa Pagsulat .....	134
Apendiks C - Talambuhay.....	135



## PANIMULA

### Sanligan ng Pag-aaral

Ang mga kadete sa Philippine Military Academy ay inihahandang maging tagapagtanggol ng bayan. Nasasaad ang tungkuling ito sa vision statement ng paaralan na *“To be an institution of excellence and professionalism for the future military leaders dedicated to a selfless service to the nation”*. Batay sa pahayag na ito, inaasahan ng akademya na ang mga kadeteng magtatapos dito ay may taglay na kahusayan at propesyunal hindi lamang sa larangan ng pagsusundalo kundi sa lahat ng larangan ng buhay dahil sa kanilang katungkulang magbigay ng di-makasariling paglilingkod sa bayan. Mabigat at mapanghamon ang pangarap na ito ng akademya ngunit pinagsisikapang matamo ng bawat kabataang makapasok sa akademyang ito. Dahil sa nabanggit, kailangang ang bawat kadete ay may mayamang karanasan at kakayahang makipag-uganayan sa bayan. Sila ay makikipag-ugnayan hindi lamang sa kanilang mga nasasakupan kundi maging sa kanilang mga katunggali ng edeyolohiya at pananaw ukol sa paglilingkod sa bayan. Gayundin, makikipag-ugnayan sila sa lahat ng uri ng tao sa lipunan - sa mga matatanda, kabataan, propesyunal, maging sa mga di propesyunal at pati na rin sa mga itinuturing na problema ng lipunan. Kung ganoon,



kinakailangan nilang magtaglay ng kahusayan sa pakikipagtalastasan gaya ng binanggit ni Hymes (1970).

*“Communicative competence is a concept introduced by Dell Hymes and discussed and redefined by many authors. Hymes' original idea was that speakers of a language have to have more than grammatical competence in order to be able to communicate effectively in a language; they also need to know how language is used by members of a speech community to accomplish their purposes”.*

Sa PMA Road Map 2015 isinasaad ang limang tungkulin ng mga kadeteng magtatapos sa akademyang ito. Ito ay ang pagiging: *“leaders of character, combatants, partners in nation development, managers and military professionals”.*

Kaugnay ng nabanggit, hindi maisasantabi ang pahayag ni Molloy (1981) na kapakinabangang maidudulot ng mabisang pakikipagtalastasan.

*“Effective communication is one of the most important functions of management”. It is important in increasing productivity, improving employee satisfaction, and being recognized as an understanding leader (Graham, Unruh, and Jennings). In addition, it is “closely related to managerial effectiveness”(Jackson) and it is “a strong predictor of promotability” (Sypher and Zorn). Communicating effectively is a “requisite to success in contemporary business life” (Inman)*

Gayundin, upang lubos na magampanan ang tungkulin bilang tagapagtanggol ng bayan, kailangan nilang taglayin ang kakayahang makipagtalastasan gamit ang wika ng mamamayang Filipino. Dalawa ang itinuturing nating opisyal na wika sa ating bansa - English at Filipino.



Nasasaad ito sa artikulo XIV seksyon 7 ng konstitusyon ng Pilipinas.

“Sa layuning pangkomunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at Ingles hanggat hindi pa binabago ang batas”

Isinulong din ng edukasyon ang Patakarang Bilingual ng 1987 na nagsasaad na pantay na lilinganin ang paggamit na wikang Filipino at wikang Ingles.

Alinman sa dalawang wika ang gagamitin, ito’y pangalawang wika pa rin nating mga Filipino. At dahil pangalawang wika lamang, hindi maiiwasan ang mga pagkakamali sa paggamit ng mga wikang ito. Nabanggit nga ni Myles (1970) ang mga sumusunod na pahayag ukol sa paggamit ng pangalawang wika:

*Students writing in second language generally produce texts that contain varying degrees of grammatical and rhetorical errors. In fact, depending on proficiency level, the more content-rich and creative the text, the greater the possibility there is for errors at the morphosyntactic level. These kinds of errors are especially common among L2 writers who have a lot of ideas, but not enough language to express what they want to say in a comprehensible way. What we classify as an error, which is associated with learner competence, may actually be a mistake, or more specifically in an EAP context, a “derallment” related to learner performance (Shaughnessy, 1977).*

Nabanggit din sa pag-aaral ni Cortez (2000) ang mga sumusunod na pananaw ni Corder (1971) :

Ang mga kamalian ng mga mag-aaral ang nagpapakilala ng kalagayan ng kaalaman niya sa pinag-aaralang wika kasama ang paraan ng pag-aaral niya nito.



Matutuklasan ang naabot niya sa pag-aaral at ang kinakailangan pang ituro sa kanya. Sa pag-uuri ng kaniyang kamalian, nalalaman ang kaniyang suliranin sa pag-aaral ng target na wika.

Bagamat hindi nga makaiwas sa pagkakamali ang isang manunulat sa isang pangalawang wika, hindi rin mainam na hahayaan na lamang ang mga kamaliang ito. Kinakailangang tukuyin ang mga karaniwang kamaliang ito upang maiwasto.

Sa pahayag ni Myles (1970) sa kanyang "Second Language Writing and Research: The Writing and Error Analysis in Student Texts ay nabanggit niya ang mga sumusunod:

*Repeating a previous mistake, or backsliding, is a common occurrence in L2 writing. More important, though, is the issue of fossilization- when "learner interlanguage competence diverges in more or less permanent ways from the target language grammar" (Odlin, 1994, p.13). Fossilized errors can be problematic in writing because the errors become ingrained, like bad habits, in a learner repertoire, and they reappear despite remediation and correction. They can be common among immigrants who have learned much of the L2 "on the street," where the emphasis is on fluency and not linguistic correctness. Errors in writing, fossilized or otherwise, can be glaring, especially to the reader who has had little experience interacting with L2 speakers and texts.*

Idinagdag pa niyang ipinaliwanag ang pananaw niya ukol sa pag-aaral ng mga kamalian sa paggamit ng pangalawang wika.

*From behaviorist and mentalist perspectives of error, which have emphasized the product (the error itself) to more constructivist views, which focus on underlying process (why error is made), researchers have attempted to understand the errors in writers' texts by hypothesizing their possible*



*sources (Bartholomae, 1980; Hull, 1985). Although reading an error-filled text can be tiring and disconcerting, errors can help us identify the cognitive strategies that the learner is using to process information. According to Ellis (1985). It is through analyzing learner errors that we elevate “the status of errors from undesirability to that of a guide to the inner working of the language learning process”*

Sa mga nabanggit ni Myles (1970), ang mga hindi naiwawastong pagkakamali na nagiging permanente ay maaaring makaagaw ng pansin sa mga gumagamit ng wikang yaon. Gayun din sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga kamalian sa wika ay nagagamit itong lunsaran sa pag-unawa sa proseso ng pagkatuto ng pangalawang wika.

Binigyan pansin ni Richards (1974) ang pinakabagong paraan ng pagsusuri ng mga kamalian ng mag-aaral sa wika na ito ay ang pag-alam sa intralingual at paunlad o deelopmental na kamalian. Ang naturang kamalian ay nagaganap sa isang antas ng pag-aaral ng pangalawang wika. Ganundin, nagagawa ang mga kamaliang ito ng lahat ng mag-aaral ng wika sa alinmang dako at hindi maaaring idahilan ang kabiguan sa pagsasaulo, pagod at iba pa. Ang mga kamaliang ito ay maaaring indikasyon o palatandaan ng transisyunal o pansamantalang kakayahan. Dahil dito’y angkop itong gamitin sa pagsusuri ng kamalian sa pagsulat.

Ang nabanggit ni Richards (1974) ay ginamit sa pananaliksik na ito. Tinukoy ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsulat at inalam din ang pinagmulan ng mga kamaliang ito.



### Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan ng mga kadete at ang pinagmulan ng mga kamaliang ito. Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga uri ng kamalian sa gramatika at mekaniks na nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan?
2. Ano ang pinagmulan ng mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan ng mga kadete?
3. Ano ang epekto ng mga sumusunod na salik sa mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan ng mga kadete?
  - a. kasarian
  - b. unang wika
  - c. paaralang pinagtapusan ng haykul
  - d. antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA

### Layunin ng Pag-aaral

Nilalayon ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Masuri ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks na nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.
2. Masuri ang pinagmulan ng mga kamaliang nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.





3. Masuri ang epekto ng mga sumusunod na salik sa nagagawang kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan:

- a. kasarian
- b. unang wika
- c. paaralang pinagtapusan ng hayskul
- d. antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA

#### Kahalagahan ng Pananaliksik

Ayon kay Svartik (1973), ang pagsusuri sa mga kamalian ng mga mag-aaral ng wika ay may mahalagang kaugnayan sa tungkulin ng istrategiya ng pag-aaral ng wika. Nagbibigay ang naturang pagsusuri ng mahalagang kaalaman sa proseso ng pagtuturo ng wika. Ang pagkilala ng mga kamalian ang simula ng pag-aaral ng mga mag-aaral at umpisa ng pagtuturo ng mga guro. Umaasa ang mananaliksik na makatutulong nang malaki ang kinalabasan ng pag-aaral na ito sa lahat ng kinauukulan upang maging matagumpay sa kanilang tungkulin sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral.

Inaasahan ng mananaliksik na ang resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa anumang paraan sa mga tagapamahala ng kurikulum. Sa mga gagawing pagrebisa ay inaasahang maiangkop ang kurikulum ng akademya sa kasalukuyang pangangailangan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas at sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na pumapasok sa





Philippine Military Academy.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa pagbibigay ng gabay sa mga mangangasiwa ng “curriculum revision”. Ito ay magbibigay ng hinuha sa mga administrador kung kailangan pa nilang baguhin ang kasalukuyang asignatura na may kinalaman sa paglinang ng kasanayan at kaalaman sa pagsulat ng mga kadete.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay inaasahang magiging lunsaran ng mga direktor ng kurso sa paggawa ng silabus ng kurso. Ang anumang kinalabasan nito ay magsisilbing sanggunian ng mga direktor ng kurso upang maiangkop ang layunin at makapaghandang makabuluhang gawain na lalong lilinang sa kanilang kasanayan sa pagsulat na tunay ngang mahalaga sa propesyong kanilang napili.

Inaasahan ding ang resulta ng pag-aaral na isinagawa ay magsisilbing pamukas sa isipan ng mga mag-aaral na ang pagsulat ay isang mahalagang kasanayang dapat linangin lalong-lalo na sa propesyong kanilang tinatahak. Ang pag-aaral na ito ay inaasahang maging daan tungo sa pagbabago ng maling pananaw at saloobin sa pagsulat ng mga kadete lalo na sa paggamit ng wikang Filipino at magkakaroon ng paghahangad na mapabuti at mahikayat na pag-uukulan ng atensyon, panahon at kawilihan ang gawaing pagsulat bilang paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa.



Yamang sa talaarawan ay malayang naipapahayag ng tao ang kaniyang saloobin, ito ay mabisang kasangkapan sa pagkilala sa saloobin ng mga sumusulat nito at magsisilbi rin bilang isang mahalagang kasangkapan sa pag-aaral ng wika.

### Saklaw at Delimitasyon

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pagsusuri sa mga linggwistikang kamalian sa pagsulat ng talaarawan ng mga 4<sup>th</sup> class na kadete ng Philippine Military Academy ng taong panuruan 2006-2007 o class 2010. Ang mga kadeteng ito ay kumukuha ng aralin sa Filipinong sumasaklaw sa mga kasanayang makro - pagsasalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat.

Ginamit na lunsaran sa elisitasyon ng kamalian sa wika ang mga talaarawang isinulat ng mga kadete. Mula sa mga talaarawan, sinuri ang mga kamalian sa paggamit ng wika gamit ang modelo ni Hendrickson (1980) na nagbibigay tuon sa mga lokal na kamalian tulad ng kamalian sa morpolohiya, leksikon at sintaks at kamalian sa mekaniks na sumasaklaw sa pagbabaybay at pagbabantas. Pagkatapos masuri ang mga uri ng kamalian ay sinuri naman ang mga pinagmulan ng mga kamaliang ito ayon sa modelo ni Richards (1974). Ang Intralingual na pinagmulan ng kamalian ang ginamit na modelo sa pag-aaral na ito. Ito ay ang labis na paglalahat, kasalatan sa kaalaman sa tuntunin, di lubos na paggamit ng



tuntunin at kamalian sa pagpapakahulugan na saklaw ang paghihinuha ng maling konsepto.

Tinukoy ang mga kamaliang nagawa ng mga mag-aaral sa pagsulat at iniugnay ang mga sumusunod na salik na maaaring nakaapekto sa mga kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan. Ang mga nasabing salik ay kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng haykul at ang antas ng edukasyon ng mga kadete bago pumasok sa PMA.

Ang mga respondente sa pananaliksik na ito ay ang 30 na mga babae at 168 na mga lalaki na sa kabuuan ay 198 na 4th class na kadete (Class 2010) ng taong panuruang 2006-2007 ng Philippine Military Academy.



## **MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL**

Ang pananaliksik na ito ay ibinatay sa mga teorya ng wika kaugnayan ng unang wika sa pagtatamo ng pangalawang wika at pag-unawa sa mga kamalian sa paggamit ng pangalawang wika. Minarapat na isinama ng mananaliksik ang mga pag-aaral ukol sa mga salik na ginamit.

### Teorya ng Kakayahang Pangwika

Isa sa mga pinagbatayan ng pag-aaral na ito ay ang pag-aaral ng mga kaisipan ng kakayahang pangwika (language competence). Iba-iba ang pananaw ng mga linggwista ukol dito. Sa mga istrukturalista ang paglalarawan ng kayarian ng wika ang binibigyan-pansin (Bayo,1994). Pinaniniwalaan nila na ang wika ay isa lamang code na binubuo ng istruktura. Dahil ang diin ay ang kawastuan ng istruktura o linguistic accuracy, iginigiit nila na ang kakayahang panlinggwistik ay ang pagkabihasa at masteri sa paggamit ng wika - ng kanyang ponolohiya, morpolohiya at sintaks. Ayon kay Hufana (1982) sa pagabanggit ni Tibagacay ((2001) ang kompetent sa pangalawang wika ay ang kawalan o halos kawalan ng kamalian sa balarila, talasalitaan, kagalingan at kadalian sa pagsasalita at pagbasa.

Subalit mayroon ding binanggit ang ilang mga linggwista na hindi



sumasang-ayon sa unang nabanggit.

Sina Campbell at Wales (1970) ay nagpahayag ng mga sumusunod na kaisipan:

“Knowing a language involves not only the ability to compose correct sentences but also the ability to use them appropriately in acts of communication”

Nangangahulugang ang pag-alam ng wika ay hindi lamang ang kakayahang bumuo ng wastong pangungusap na siyang diin ng istrukturalismo kundi pati na rin ang kakayahang gamitin ang mga pangungusap na ito sa iba't ibang pagkakataon.

Binanggit ni Hamada (2001) na mapapansing isinusulong ng linggwista ng 1970 ang kaisipan ukol sa mas malalim na pag-unawa sa mag-aaral ng pangalawang wika. Nagtulak ito ng mas marami pang pag-aaral.

Ang Generative Transformational Linguistics ni Chomsky (1965) ay nagsusulong sa kaisipang ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang sa pamamagitan ng “habit”, “imitation”, conditioning o stimulus-response” kundi ito ay malikhaing proseso. Ipinakilala niyang ang taglay na kaalaman sa wika ay nagbibigay sa kanya ng kakayahang bumuo ng mga pangungusap na katanggap-tanggap sa nagmamay-ari ng wika at ang kakayahang kumilala nang tama sa maling pangungusap (Hamada,2001).

Subalit napansin ni Oller (1971) na nabigong isama ni Chomsky sa



kanyang teorya ang kakayahan ng isang taong gamitin ang wika sa pagbibigay at pagtanggap ng impormasyon gaya ng enkoding at dekode ng mensahe. Hindi niya nabigyang kasagutan ang katanungan kung paano nabubuo ng nagsasalita ang isang bagong pahayag sa isang sitwasyon at paano naman ito natatanggap ng nakikinig.

Ang pananaw na ito ni Oller (1971) ay sinusugan ni Bollinger (1971) nang kanyang ipahayag na may mga tuntuning sinusunod para sa pag-unawa at pagpapahayag at sinasabing ang nag-uusap ay nagkakaintindihan ayon sa konteksto. Napakahalaga ng konteksto sapagkat marami ang maaaring ipakahulugan sa isang pahayag sa iba't ibang konteksto, at dagdag pang suliranin ang kung aling konteksto ang naangkop.

Si Savignon (1972) ay nagpahayag naman ng kanyang pananaw ukol sa kakayahang komunikatibo. Ayon sa kanya ang binabanggit ng mga istrukturalista na kakayahan sa tamang pagbigkas, bokabularyo at gramatika ay isa lamang sa mga pangunahing salik na bumubuo sa pakikipagtalastasan.

*....the ability to function in a truly communicative setting- that is an a dynamic exchange in which linguistic competence must adapt itself to the total information input, both linguistic and paralinguistic, of one of more interlocutors”*

Batay sa mga naunang nabanggit, malinaw na pinagkakaisahan



nina Campbell at Wales (1970), Savignon (1972), Oller (1971) at Bollinger (1971) na ang komunikasyon ay hindi lamang sumasaklaw sa linggwistika o kaalaman sa istruktura kundi maging ang iba pang salik ng pakikipagtalastasan tulad ng kakayahang gamitin ang pangungusap sa iba't ibang pagkakataon.

Sosyolinggwistika. Ginamit ni Holmes (1978) ang salitang kakayahang sosyolinggwistika sa kakayahang umunawa ng wika at ng kaugnayan nito sa lipunan. Sa larangang ito, ang isang tao ay hindi lang nagtataglay ng kakayahang linggwistika kundi nakauunawa ng kontekstong sosyal ng isang wika.

Sa pagpapaliwanag ni Hymes (1967) ukol sa kakayahang komunikatibo binanggit niya ang mga sumusunod na kaisipan;

*We have then to account for the fact that a normal child acquires knowledge of sentences not only as grammatical, but also as appropriate. He or she acquires competence as to when to speak, when not, and as to what to talk about with whom, when, where, in what manner. In short, a child becomes able to accomplish a repertoire of speech acts, to take part in speech events, and to evaluate thier accomplishments by others. This competence, moreover, is integral with attitudes, values, and motivations concerning language, its features and uses, and integral with competence for, and attitude towards the interrelation of language with the other code of communicative conduct.*

Ang nabanggit na pananaw ni Hymes ay nagpapaliwanag na hindi lang ang gramatikang aspeto ng wika ang natatamo ng bata sa kanyang pag-aaral ng wika. Binanggit niyang maging ang konteksto o ang



sitwasyon o ang kalagayan kung saan magaganap ang pakikipagtalastasan ay isinasaalang-alang. Lalong malinaw ang kaisipan niyang ito sa kanyang akronim na SPEAKING (Palazo, 2003).

S – etting	(Saan – lugar kung saan nag-uusap)
P – articipants	(Sinu-sino ang mga kausap o nag-uusap)
E – nds	(Ano ang layunin sa pag-uusap)
A – ct Sequences	(Paano ang takbo ng usapan)
K – eys	(Pormal ba o di-pormal ang pag-uusap)
I – nstrumentalities	(Pasalita ba o di-pasalita)
N – orms	(Ano ang paksang pinag-uusapan?)
G – enre	(Nagsasalaysay, nakikipagtalo ba o nagmamamatwid)


Ang mga nabanggit sa itaas ay mga salik ng sosyokultural na pinaniniwalaan niyang dapat isaalang-alang sa pakikipagtalastasan.

Mapapansing sa pag-aaral ng wika ay may paglilipat ng tuon, mula sa kakayahang linggwistika tungo sa kakayahang komunikatibo (Hamada, 2001).

Makikita sa modelo ni Allwright (1977) sa Figyur 1 ang malinaw na kaugnayan ng kakayahang linggwistika at kakayahang komunikatibo. Mamamalas na may bahagi ang kakayahang linggwistika na tinatalakay sa kakayahang komunikatibo at mayroon ding bahagi ng kakayahang







Figyur 1. Modelo ni Allwright sa kaugnayan ng kakayahang komunikatibo at kakayahang linggwistika



komunikatibo na napasasama sa pagtalakay sa kakayahang linggwistika.

*“The diagram implies that some areas of linguistic competence are essentially irrelevant to communicative competence, but in general, linguistic competence is a part of communicative competence. This modified part-whole relationship implies, in turn, that teaching comprehensibility for linguistic competence will necessarily leave a large area of communicative competence untouched, whereas teaching equally comprehensively for communicative competence will necessarily cater to all but a small part of linguistic competence. If this way of specifying the relationship is generally correct then, if we have communication as a major aim of our language teaching, we would be well-advised to focus on communicative skills, in knowledge that this will necessarily involve developing most of the product, rather than focus on linguistic skills and risk failing to deal with major part of whatever constitutes communicative competence”.*

Ipinapakita sa dayagram na kung ang pagtutuunan ng pansin sa pagtuturo ng wika ay ang kakayahang linggwistika lamang, may malaking bahagi ng kakayahang komunikatibo ang hindi mapapasama. Gayundin naman kung ang pagtutuunan ng pansin ay ang kakayahang komunikatibo, mayroon ding bahagi ng kakayahang linggwistika ang hindi masasaling. Subalit, iminungkahi ni Allwright (1977) na yamang komunikasyon ang tuon ng pagtuturo at pag-aaral ng wika, marapat lamang na ang kakayahang komunikatibo ang ipagpauna sa proseso.

Ipinaliwanag din niyang ang kakayahang komunikatibo ay proseso sa pagitan ng mga tao. Hindi lang mensahe ang sangkot dito kundi kinasasangkutan din ng mga salik-sosyolinggwistika tulad ng mga



kasangkot sa komunikasyon (tagahatid-tagatanggap), ang sitwasyon at ang mensahe.

Sa kabuuan ang pagtalakay ng kakayahang komunikatibo, mahihinuha natin na walang isang tuntunin para dito yamang marami ang dapat isaalang-alang dito. Ayon nga kay Finochiarro (1979) isaalang-alang din ang sosyal na tungkulin at sikolohikal na aspeto ng mga kasangkot sa komunikasyon.

Saykolingwistika. Si Skinner (1957) ay kilalang behaviorist na naniniwalang ang pagkatuto ng wika ay depende sa kaniyang kapaligiran. Sa pag-aaral ni Palazo (2003) isinaad ang paniniwala ni Skinner na kailangang alagaan ang intelektwal na pag-unlad sa pamamagitan ng pagganyak at pagbibigay-sigla at pagpapatibay sa anumang kilos o gawi. Tinukoy niya na maaaring isagawa ng bata ang anumang gawain kung tuturuan at bibigyan siya ng tamang direksyon. Ang teoryang behaviorism sa pagkatuto ay nagbibigay sa mga guro ng set ng simulain at mga pamaraang madaling isagawa at ituro. Natututo ang bata sa mga panutong ibinibigay sa kanya at naniniwala siyang mapapaunlad ang intelek sa pamamagitan ng pagganyak at pagbibigay-sigla at pagpapatibay sa anumang mabuting gawi o kilos.

Taliwas naman ito sa pagkakilala ni Chomsky (1965) dahil ipinaliwanag niyang pagkapanganak pa lamang ng bata ay mayroon na



siyang kakayahang pangwika na nalilinang na lamang sa kanyang pakikisalamuha sa kanyang kapaligiran habang siya ay lumalaki.

Ayon pa rin kay Palazo (2003) pinaniniwalaan ni Chomsky na dahil sa Language Acquisition Device ( LAD) nagkakaroon ng sariling pag-aanalisa ang bata sa mga pahayag na naririnig niya. Nabubuo sa kanyang isipan ang mga tuntunin ng wika na kanya namang ginagamit sa pagpapahayag.

Nabanggit din ni Palazo (2003) ang pananaw ni Krashen(1985) na ang akwisasyon ng wika ay nagaganap nang hindi namamalayan ng mag-aaral tulad ng kung paano niya natututunan ang kanyang unang wika. Ito ay nagaganap sa isang sitwasyong ang mag-aaral ay nahaharap sa maraming pagkakataon na natural na ginagamit ang wika. Napupulot ng mag-aaral ang wikang naririnig na sa palagay niya'y kailangan sa komunikasyon.

Ayon naman kay Stern (1983), sa labas ng klasrum, ang isang mag-aaral ng pangalawang wika ay natututo nang natural. Dito ay wala pang pormal na pagtuturo, inilarawan na impormal, malaya, hindi pinatnubayan at natural na pagkatuto. Nabanggit ito ni Stern sa kanyang sumusunod na pahayag;

*“The distinction between learning from exposure to the second language in the target language environment and learning from a teacher is not right. The conditions can be visualized as a continuum. At one extreme, we may find*



*learners learning without external help and direction purely from exposure to the second language environment, and at the other, we find learners learning a second language exclusively in a language teaching setting. In the main, however, we are likely to find that L2 learners receive input to varying degrees both from exposure and from educational treatment”.*


Ang kaugnayan ng kakayahang komunikatibo sa interlanguage ay nabanggit ni Hamada (2001) sa kaniyang pag-aaral.

*“It becomes clear that communicative competence cannot be in a state of flux inasmuch as there is a different one for different stages in a learner’s interlanguage thereby rendering it susceptible to errors since it would have to depend on the particular state of interlanguage”.*

Interlanguage. Isa sa mga pagbabatayan ng pag-aaral na ito ay ang Interlanguage Theory ni Selinker (1972) na mula terminolohiyang “interlingual” ni Weinrich (1953). Ang konsepto ng interlanguage ay nagpapalagay na ang mag-aaral ay nakabubuo ng sariling pamamaraan ng pagkatuto ng pangalawang wika. Sa proseso ng pag-aaral ay nakabubuo ng isang bagong wika na kaiba sa unang wika at pinag-aaralang wika ng mag-aaral. Ang wikang ito ay tinawag ni Selinker (1972) na “interlanguage”. Makikita sa dayagram ng interlanguage sa Figyur 2 na ang nabuong wika ay nagtataglay ng mga istruktura na matatagpuan sa unang wika at mayroon din naman sa pangalawang wika subalit mayroon din itong elemento na wala sa parehong wika.

Ang panukalang interlanguage ay nagsasaad ng mga sumusunod:





Figyur 2. Modelo ng Interlanguage ni Selinker (1972)



*“Second language speech rarely conforms to what one expects native speakers of the target language to produce, that it is not an exact translation of the natively language, that it differs from the target language in systematic ways and that forms of utterances produced in the second language by a learner are not random. This interlanguage hypothesis proposes that the relevant data of a theory of a second language learning must be the speech forms which result from attempted expression of meaning in a second language. (Selinker, Swain and Dumas, 1975)”*

Ang interlanguage ay isang sistema ng pag-aaral ng pangalawang wika na sa pagtatangkang matuto ng pangalawang wika ay nakabubuo ang mag-aaral ng pangalawang wika ng mga pahayag na maaaring hawig sa mga pahayag ng ibang mag-aaral subalit iba sa mga pahayag ng taal na tagapagsalita ng pinag-aaralang wika.

Ipinahayag ni James (1971) sa pagbanggit ni Tibagacay (2001) na ang pag-aaral ng wika ay proseso ng pagpapalawak ng dayalekto at ipinakilala ang “phenomenang interlingua”. Ito ay nagbibigay diin sa intermedyang kalagayan ng wikang nabuo ng mag-aaral kung ihahambing sa kanyang unang wika at pangalawang wika. Ito rin ang dahilan kung bakit hindi pareho ng pagpapahayag ang isang natuto lamang ng wika at ng isang taal na nagsasalita ng wika. Inilarawan niyang ang interlanguage ay pag-unlad ng mag-aaral ng pangalawang wika mula sa walang kamuwangan (zero competence) hanggang sa malapit sa taal na tagapagsalita ng wika (near-native competence).

Ang ganitong pangyayari ay tinawag ni Selinker (1972) na



“interlanguage”. Ito rin ang tinutukoy ni Nemser (1971) na “approximative systems” at ni Corder (1971) na “idiosyncratic dialects” and “transitional competence”. Sa pag-aaral ni Casino (1994) ay nabanggit niyang muling tinawag ni Corder (1978) ang pangyayaring ito na learner-language.

Ginamit ni Nemser (1971) ang katawagang “approximative system” dahil pinaniniwalaan niyang ang pagkatuto ng wika ay developmental. Ito ay nangangahulugang patuloy na nililina ang pangalawang wika habang natututo siya mula sa kanyang kamalian sa proseso ng pag-aaral ng wika.

Tinawag naman itong “transitional competence” ni Corder (1971) sa pagbabanggit ni Tibagacay (2001) dahil pinaniniwalaan niyang ang isang mag-aaral ng pangalawang wika ay mayroong kakayahang pansamantala (transitional competence). Ito’y tumutukoy sa kamalayang panggramatika na kanyang nagagamit sa anumang panahon. Sa pakikipagtalastasan, ang mag-aaral ng pangalawang wika ay bumubuo ng natatanging sistematikong wika. Anumang pagkakamali sa kanyang pakikipagtalastasan ay hindi kababakasan ng kanyang unang wika maging ng kanyang pangalawang wika kundi ng ibang wika.

Ipinahayag din ni Corder (1971), sa pagbanggit ni Palazo (2003) na may mga hakbang sa pagkakabuo ng interlanguage. Una, ang random error o “presystematic”, pangalawa ay ang “emergent”, pangatlo





ay ang “systematic stage” at ang panghuli ay ang “stabilization”.

Sa “presystematic”, hinuhulaan lamang ng mag-aaral ang kaniyang sinasabi dahil hindi pa niya alam ang sistematikong pagkakaayos ng mga salita sa pangungusap.

Sa “emergent”, mayroon na siyang kaalaman sa tuntuning pangwika ngunit pinagdududahan pa niya.

Sa “systematic stage”, lubos nang nauunawan at naiintindihan ang mga tuntunin.

Sa “stabilization”, buo na ang sistema ng interlanguage. Bilang na lang ang nagagawang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

Kung pagbabatayan ang haypotesis ni Selinker (1972), ang mga Pilipinong mag-aaral ay nakabubuo ng sistematikong set ng mga tuntunin ng wikang Ingles - pangalawang wika ng mga Pilipino, sa kanilang pagtatangkang gamitin ito sa komunikasyon.

Sa paggamit ng mag-aaral ng pangalawang wika ng interlanguage, natural lamang na makagagawa siya ng kamalian. Ang mga kamaliang nagagawa ay naglalahad ng hangganan ng kanyang kagalingan o kaya’y kahinaan sa pangalawang wika.

Ipinahayag ni Corder (1971) na ang mga nagagawang pagkakamali o mga deviant utterances ay mahalaga sa kaalaman sa



pagtatamo ng wika.

Sumasang-ayon ito sa naunang ipinahayag ni Strevens (1969) na naniniwalang ang mga pagkakamaling nagagawa ng isang mag-aaral ng pangalawang wika ay hindi dapat ituring na sagabal sa pagkatuto manapa'y ituring itong normal at hindi maiiwasan. Ang mga kamaliang ito ay nagpapakita hindi ng kabiguan ng pag-aaral kundi tagumpay sa proseso ng pag-aaral ng wika.

Itinuturing ni Richards (1974) na ang interlanguage ay ginagamit ng mga mag-aaral ng pangalawa at banyagang wika. Ito ay binubuo ng mga korpus ng mga pangungusap at mabibigyan ng kahulugan sa kalikasan ng pag-aaral ang pangalawang wika. Sa lahat ng katawagang ito, iisa ang ipinapahayag: na ang mag-aaral ay nakalilikha ng ibang wika at tinatawag nating kamalian. Nakalilikha siya ng pansamantalang wikang nagpapatunay ng transisyon tungo sa kakayahan sa pangalawang wika. Ito rin ang tinawag ni Corder (1971) na "Transitional Dialects".

Pagsusuri sa Kamalian. Ang mga kamalian sa wika ay hindi dapat ituring ng isang mag-aaral, ng isang guro at ng isang mananaliksik na kahinaan ng mag-aaral manapa'y ituring itong paraan ng pagkatuto. Ipinahayag ito ni Selinker (1972) na sinang-ayunan naman ni George (1972) na dapat intindihin ng guro ang kamalian ng kaniyang mag-aaral



sa paggamit ng wika.

*“ a teacher realizes that his learner’s productive use of the language depends on prediction from given information, and that the basis for prediction is the perception of regularity and order, his expectations from the learners may be more realistic, and his attitude to error more understanding.”*

Pinagkakaisahan ng maraming linggwista tulad nina Corder, Corbert, Dulay at Krashen, Selinger at Hendrickson na dapat intindihin ng mga guro ang mga pagkakamaling nagagawa ng mga mag-aaral na gumagamit ng isang pangalawang wika dahil ang pagkakamaling ito ay normal sa hindi taal (non native speaker) na gumagamit ng wikang yaon.

Sinabi nina Burt at Kiparsky (1972) na ang mga mag-aaral ay hayaang magkamali at magpahayag gamit ang pinag-aaralang wika upang magkaroon sila ng tiwala sa sarili sa paggamit nito.

Sa isang sarbey na isinagawa ni Walker (1973) sa 1200 mag-aaral sa unibersidad ng banyagang wika ay inilahad nito na mas pinipili ng mga mag-aaral na huwag itala ang kanilang pagkakamali pasulat man o pasalita. Lumalabas sa sarbey na nawawalan ng tiwala sa sarili ang mga mag-aaral kung laging napupuna ang pagkakamali.

Idinagdag din ni George (1972) na nakakakain ng oras kung bawat pagkakamali ng mag-aaral ay pagtutuunan ng pansin.

Iminungkahi ni Lange (1977) na gawin ang pagwawasto ng kamalian paminsan-minsan. Gawin lamang ito sa pagkakataong bibigyan



na ng ulat ang mag-aaral gaano na kalawak ang natutunan at gaano pa kadami ang dapat matutunan.

Para naman kay Streven (1978), ang pagkakaroon ng kamalian ay normal at di-maiwasang aspeto ng pagkatuto. Para sa kanya ang kamalian ay dapat tingnan bilang patunay na may nagaganap na pagkatuto at hindi isang pagkukulang sa panig ng mga mag-aaral. Kailangang matutunang tanggapin ng mga guro na ang kamalian sa paggamit ng pangalawang wika ay natural at likas sa pagkatututo ng wikang ito.

Ganunpaman, hindi naman makabubuting hahayaan na lamang ang mga kamaliang ito dahil kung hindi ito maiwawasto ay mananatiling kamalian ito sa paggamit ng pangalawang wika.

Ayon kay Richards (1974) na binanggit ni Cortez (2000), may tatlong kahalagahan ang pagsusuri ng kamalian. Una, ang guro ay nabibigyan ng kaalaman kung ano ang dapat pang pag-aralan ng mga mag-aaral. Pangalawa, ang mananaliksik ay nabibigyan ng katibayan kung paano napag-aaralan o natututunan ang wika. Pangatlo, mahalaga ang mga kamalian sa mismong mag-aaral dahil ang pagkakaroon ng kamalian ay isang paraan upang matuto ang mga mag-aaral. Bilang suporta nito sinabi ni Corder (1971) na ang kalikasan at kalidad ng mga kamalian ng mag-aaral ay mahalagang pinagmumulan ng impormasyon



tungkol sa kalikasan ng kaalaman niya sa pinag-aaralang wika.

Sa aklat pa rin ni Cortez (2000) ay binanggit ang pahayag ni Corder (1974) na may mga praktikal na gamit ang kamalian. Una, ang mga kamalian ay nagbibigay ng fdbak sa kabisaan ng teknik sa pagtuturo at nailalahad kung anong bahagi ng sinusundang silabus ang di-gaanong napag-aralan o naituro. Pangalawa, ang kamalian ay nakatutulong sa pagpapasiya kung maaari nang tumungo sa susunod na bahagi ng silabus. Ang mga kamalian kung ganun ay nakatutulong sa pagtataya ng silabus at batayan sa pagsasama ng mga aytem na idaragdag sa silabus.

Para kay Brown (1987), may mga kahinaan naman ang pagsusuri ng mga kamalian. Una, labis na pagbibigay pansin sa mga kamalian ng mag-aaral. Ang guro ng mga pangalawang wika ay maaaring nakapokus lamang sa pagpansin sa mga kamalian at nakakaligtaan ang mga wastong pahayag ng mag-aaral. Totoong ang pagkabawas sa kamalian ay isang kriteryon para sa kahusayan ngunit ang pangunahing layunin ng pag-aaral ng pangalawang wika ay upang makamit ang kahusayang pangkomunikatibo. Pangalawa, labis na pagbibigay-diin sa mga datong pamproduksyon. Ang wika ay sinasalita, pinakikinggan, sinusulat at binabasa at ang pag-unawa sa wika ay singhalaga ng produksyon. Ipinapakita ng mga mananaliksik na ang pagsusuri ng kamalian ay



nabigong bigyan-pansin ang pag-iwas o avoidance strategy na karaniwang nakapokus sa tiyak na aspekto ng wika kaysa sa unibersal na aspekto ng wika. Pagtuunan dapat ng pansin ng mananaliksik ang mga salik panlinggwistika na karaniwan sa lahat ng wika. Ang sistemang interlanguage ng mga mag-aaral ay maaaring nagtataglay ng mga elementong hindi repleksyon ng una o pangalawang wika kundi unibersal na anyo.

Sa pag-aaral ni Chaudron (1986) tungkol sa reaksyon ng mga guro sa mga kamalian ng mga bata sa wikang Prances sa Canada na binanggit ni Cortez (2000), ipinahayag niyang ang kamalian ay maaaring; una, mga anyo o nilalamang panlinggwistikang naiiba sa mga tuntuning panlinggwistika ng mga kabutubong tagapagsalita, pangalawa, ang mga gawing panlinggwistikang sa pagkakaalam ng guro ay mga ponolohikal, leksikal, morpolohikal, sintaks, diskorse at kamaliang pangnilalaman. Sa kabuuan, binanggit niya ang mga suliraning kinakaharap ng mga mananaliksik at guro sa pagkilala ng mga kamalian ng mga mag-aaral sa pangalawang wika.

*“The determination of errors is clearly a difficult process that depends on the immediate context of the utterance in question as well as on the understanding of the content of the lesson so with the intent of the teacher or student at times, the prior learning of students”.*

Pinagmumulan ng Kamalian. Mula sa aklat ni Abisamra (2003),



pinamagatang “An Analysis of Errors in Arabic Speaker’s English Writings”, kinilala ni Selinker (1972) ang limang pinagmumulan ng kamalian. Ang mga ito ay ang paglilipat-wika (language transfer), paglilipat ng pagsasanay (transfer training), mga istrategiya sa pagkatuto ng pangalawang wika (strategies of second language learning), istrategiya ng komunikasyon sa pangalawang wika (strategies of second language communication) at labis na paghihinuha ng pangalawang wika (overgeneralization of second language linguistic material).

Mula pa rin sa nasabing aklat ni Abisamra (2003), nagpahayag si James (1998) ng tatlong pangunahing kategorya ng pinagmumulan ng kamalian ng wika. Ang mga ito ay ang “interlingual”, “intra-lingual” at “induced errors”.

Sa “interlingual”, sinabi ni James (1998) na nagkakaroon ng pagkabalang sa pag-aaral kapag ang isang aytem o istruktura ng pangalawang wika ay may pagkakaiba at pagkakahawig sa aytem o istruktura ng unang wika ng mag-aaral. Dahil dito, nagkakaroon ng pagkalito ang mag-aaral.

Sa “intra-lingual” ay nahahati sa dalawang kategorya: ang mga pagkakamali habang pinag-aaralan ang wika (learning strategy-based errors) at mga pagkakamali sa komunikasyon (communication strategy-based errors). Sa learning strategy -based errors kasama ang maling





paghahambing, maling pagsusuri, hindi ganap na pagsunod ng tuntunin, pag-uulit, hindi pagpansin sa mga limitasyon ng tuntunin, labis na pagwawasto at labis na paghihinuha. Ang communication strategy-based errors naman ay sumasaklaw sa mga kamalian sa pangkalahatang istratehiya (holistic strategy), pagtataya, kamalian sa analitik na istratehiya at maligoy na pagpapahayag.

Sa “Induced Errors” ang mga pagkakamali ay bunga ng mga iba pang salik na hindi kasama sa nabanggit na dalawa katulad ng klasrum. Kasama sa uring ito ang mga pagkakamaling dulot ng mga kagamitan (material induced errors), mga pagsasanay (exercise-based errors), pananalita ng guro (teacher-talk induced errors), pamamaraan ng pagtuturo (errors enduced by pedagogical priorities) at iba pang maaaring sanhi ng pagkakamali na wala sa nabanggit (look-up errors).

May pag-uuri si Brown (1987) sa mga pinagmumulan ng kamalian na kahawig ng pag-uuring ginawa ni James; ang transfer of interlanguage o impluwensya ng unang wika, interlingual transfer o impluwensya ng pinag-aaralang wika, at konteksto ng pag-aaral. Tumutukoy ang konteksto sa lugar, guro, silid-aralan, mga material o at iba pang katulad nito na kalagayang sosyal ng pag-aaral.

Sa aklat nina Richards at Simpson, (1974) “The Study of Learner English”, nagpalabas sila ng pitong pinagmumulan ng kamalian. Ito ay





ang mga sumusunod: paglilipat-wika (language transfer), impluwensya ng intralingual (intralingual interference), kalagayang sosyolinggwistik (sociolinguistic situation), kaparaanan ng pagkatuto ng wika (modality), gulang (age), sistema ng akwisasyon (successions of approximate systems) at unibersal na kahirapan (universal hierarchy of difficulty). Sa intralingual errors ay nahati sa apat na kategorya (batay sa modelo ni Richards, 1970): labis na paglalahat (overgeneralization), kasalatan ng kaalaman sa tuntunin (ignorance of rule restrictions), di lubos na paggamit ng tuntunin (incomplete application of rules) at kamalian sa pagpapakahulugan (semantic errors).

#### Mga Lokal na Pag-aaral

Nagbigay ng gabay ang mga kinalabasan ng mga naunang pag-aaral ukol sa pagsusuri ng kamalian upang magkaroon ng kahawig na pag-aaral ang mananaliksik.

Sa pag-aaral ni Uc (1998) sa kaniyang artikulong “Natural Language Learning and Learning Foreign Language in the Classroom”na nailathala sa British Journal of Language Teaching, natuklasan na ang lahat ng kamalian ng mag-aaral ay yaong nakaligtaan at labis na paglalahad. Hindi ito bunga ng pagpapabaya kundi bunga ng sistematikong pagsisikap na makapagpahayag.

Subalit nakalulungkot malaman na marami pa sa mga mag-aaral at



lalong nakapanlulumo na maging sa kolehiyo ang hindi pa ganap na marunong sumulat. Sa artikulo ni Regana (1990) "Writing - Major Problem" na nalathala sa Philippine Journal of Education ay nasasaad ang mga sumusunod na kaisipan:

"Ang hindi mahusay sa pagsulat ay isang kadustaan sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Libu-libong kabataang lalaki at babae ang nagtapos ng haiskul at libu-libo ring mag-aaral sa kolehiyo ang hindi man lamang makasulat ng 500 makabuluhang salita tungkol sa isang paksa".

Ayon naman kay Baylon (1987) ang pagsusulat ay isang masining na paraan ng pagpapahayag ng iniisip, nadarama, niloloob, nakikita at naguguniguni. Samakatwid, ang pagsulat ay nagbibigay ng isang sitwasyong kinalalagyan ng disiplinang intelektwal at pagkamalikhain.

May kaugnayan ang kawilihan sa kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat kakayahan ng gurong nagtuturo. Ganoon din ang saloobin ng mga mag-aaral sa Filipino at maging ang kawalang ingat sa pagsulat at kasahulan ng kaalaman sa mga tuntuning pangwika at mga hakbang sa wastong pagsulat ng komposisyon ay may kinalaman sa gawaing pagsulat ng mga mag-aaral.

Natuklasan ni Gabriel (1990) sa kanyang "Mga karaniwang Kamalian sa Sulating Pormal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon, Sangay ng Rizal" na ang karaniwang pagkakamali ay sa pagsasangkap, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita at pagbuo ng



mga pangungusap dahil sa kakulangan ng aklat, bihirang pagsasanay sa mga gawaing pagsulat, kapabayaang walang ingat sa pagsulat. Idinagdag na isang dahilan din ang maling palagay ng mga guro't mag-aaral na madali lamang ang wikang Filipino dahil sa impluwensya ng medya na karaniwang mali ang pamamahayag.

Sinabi ni Abarca (1985) sa kanyang “Errors in the Formal Themes of the First Year Secondary Trade School Students of the Isabela School of Arts and Trades” na malala ang kamalian sa pagbabaybay dahil sa impluwensya ng diyalektong ginagamit sa pakikipagtalastasan, kamalian sa kayarian ng pangungusap, kamalian sa gramatika dahil sa maling pantukoy, panghalip at paggamit ng tamang bantas.

Natuklasan ni Montera (1989) sa kanyang pananaliksik na “The Common Errors in Formal Theme Writing in English, Cantella Carrascal District, Division of Surigao Del Sur” na malala ang kamalian sa paggamit ng panghalip, pagdadaglat at wastong gamit ng mga salita sa pagbuo ng komposisyon.

Sa pag-aaral ni Sibayan (1995) na “Mga Kahinaan sa Pagsulat ng Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang sa Distrito ng Alcala” natuklasan niyang ang kahinaan ng kaniyang mga respondente ay sa pagbuo ng pangungusap, pagbabantas at kaisahan ng kaisipan.

Natukoy ni Perez (1973) sa kanyang “A Study of the Common Error



in the Written English Composition Committed by Freshmen College of MSAC” na may kahinaan ang kanyang mga respondente sa pagsulat ng komposisyon dahil sa hindi bihasa ang mga mag-aaral sa wastong pagpili at paggamit ng mga salita ayon sa tungkulin ng wika, at sa larangan ng gramatika ay kababakasan ng kahinaan na nasasaklaw ng iba’t ibang larangan sampu ng wastong pagbuo ng pangungusap.

Sa pag-aaral ni Hufana (1982) “Evaluation of Composition Errors in Rhetorical Acts Used In Agricultural Science by Freshmen college Students” nabanggit niyang ang mga natukoy niyang sa leksikal at morpolohikal na kamalian ay sa pagkakaiba ng pandiwa samantalang sa sintaktika naman ay kinasasaklawan ng kamalian sa paggamit ng mga pantukoy at kamalian sa paggamit ng subordinasyon. Ayon kay Hufana, ang mga kamaliang ito ay maituturing na unibersal na kahinaan ng mga mag-aaral ng pangalawang wika dahil sa kalikasang pagkakakilanlan (idiosyncratic) ng target na wika.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Epistola (2000) sa "Pambalarilang Kamalian sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Kursong Edukasyon ng Baguio colleges Foundation" sa pagbanggit ni Tibagacay (2001) ay natuklasang ang pinakamataas na pagkakamali ay sa aspekto ng pandiwa, sumunod ang kailanan ng pandiwa. Sa sintaks ay sa wastong gamit ng salita, pagkakaltas ng pangatnig partikular sa paggamit



ng nang at ng. Natuklasan ding nagkakamali sa paggamit ng pang-ukol at pantukoy. Sa aspektong leksikal, pinakamataas ang kamalian sa wastong gamit ng salita, sumunod ang kaayusan ng mga salita at ang pinakamababa ay ang paggamit ng panuring.

Nabanggit naman ni Mayos (1988) sa kanyang "Mga Kahirapan sa Balarilang Pilipino ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Taon ng Mataas na Paaralan ng Pamantasan ng Benguet sa Panuruang Taon 1987-1988" na ang kahirapan ng kanyang mga respondente ay sa kayarian ng pangngalan, ang hindi sapat na pagkaunawa sa tungkulin ng pantukoy at pang-ukol, maling paggamit ng malaking titik at wastong gamit ng bantas.

Sa pag-aaral ni Lubrica (1978) "Communicative Competence in Pilipino Among Freshmen College Student in Benguet State University" natuklasan niyang ang mga kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ay sa pagsasangkap, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita, wastong anyo ng pandiwa at sa pag-aaangkop (na, ng, g).

Natuklasan ni Aromin (1995) sa kanyang "Mga Kahirapan sa Hekasi ng mga Batang nasa Ika-limang Baitang- Benguet State University Elementary Laboratory Scholl at Balili Elementary Laboratory High School" na ang kahirapan ng mga mag-aaral ay sa pagpapahayag ng kanilang saloobin, wastong gamit panggramatika ng mga salita at kakayahan sa talasalitaan. Ang lawak ng paggamit ng mga salita ay



maaaring sanhi ng kakulangan ng kaalaman sa talasalitaan at may kinalaman sa retorika.

Sa resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Tibagacay (2001) ay “Mga karaniwang Kamalian sa Pagsulat sa wikang Filipino ng mga Kadete sa Akademya Militar ng Pilipinas” lumabas na ang karaniwang kamalian ng mga kadete ay nanguna ang kamalian sa sintaks, sumunod ang leksikal at panghuli ang morpolohikal.

Ang mga sumusunod na kinalabasan ng lokal na pag-aaral ang naging hulwaran sa pagkakaroon ng pag-aaaral sa pinagmumulan ng kamalian.

Sa magkasanib na pag-aaral ni Hufana at Minong (1983) sa kanilang “Errors committed by MSAC College Freshmen in Dicto-Comp Exercises” natuklasan nilang ang karaniwang kamalian ay karaniwang nagagawa ng mga mag-aaral ng pangalawang wika. Ang kabatirang pang wika ng mga respondente ay ginagamitan ng estratehiyang katulad ng overgeneratization, hindi ganap na pagkaunawa sa mga tuntuning panggramatika, maling paghihinuha sa konsepto at di ganap na paglalapat ng mga tuntuning panggramatika. Ang kamaliang nagagawa nila ay nagpapakita ng hindi ganap na pagkaalam sa target na wika na nahanay sa kadalasan ng maling pagkakagamit ng mga pandiwa, pang-ukol at pantukoy.



Sa pag-aaral na isinagawa ni Tibagacay (2001) lumabas na ang karaniwang pinagmumulan ng kamalian ng mga kadete ay labis na paghihinuha, hindi ganap na pagkaunawa sa mga tuntuning gramatika, at hindi ganap na paglalapat ng mga tuntuning gramatika.

Magkakaiba ang mga mag-aaral kaya't isinaalang-alang ng mananaliksik na kilalanin ang kaibahan ng mga respondente dahil maaaring makabuluhang salik ito sa kalalabasan ng pag-aaral. Bagamat malayong kakaunti ang bilang ng mga babaeng kadete sa bilang ng mga lalaking kadete, minabuti pa ring isama ng mananaliksik ang salik na ito dahil sa mga sumusunod na kinalabasan ng mga naunang pag-aaral.

Sa "Psychological, Antropological and Sociological Foundation of Education" nina Bustos at Espirito (1996) binanggit na magkaiba ang pag-uugali, kasiklayan, kakayahan at kawilihan ng magkasalungat na kasarian.

Ipinahayag naman ni Kelly (1965) sa kanyang "Educational Psychology" na higit na aktibo at agresibo ang mga lalaki at higit na nangingibabaw sa larangan ng matematika at agham samantalang ang mga babae ay nangunguna naman sa komunikasyon, sining at pagbabaybay at sa pagsulat. Ganun din nangunguna ang lalaki sa pangkalahatang impormasyon samantalang ang mga babae nama'y nakauungos sa bilis at kawastuan ng pagkatuto.





Sa pag-aaral na ginawa ni Pannig (1989), sa kanyang “Mga Salik na Nag-uugnay sa Kakayahan sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral ng Pangalawang Taon ng Isabela National High School” napag-alamang mas malala ang kamalian ng mga lalaki kaysa sa mga babae.

Taliwas naman sa resulta ng mga naunang pag-aaral ang natuklasan sa pananaliksik na ginawa ni Palazo (2003) “Sikolingwistikang Pagsusuri sa Pagsulat ng Talaarawan ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Benguet State University” dahil lumabas na mas maraming pagkakamaling nagawa sa pagsulat ang mga babae kaysa sa mga lalaki.

Isinaalang-alang sa pag-aaral na ito ang salik na unang wika. Dahil wika ang pinag-aaralan sa pananaliksik na ito, hindi maisasantabi ang epekto ng unang wika sa pag-aaral na ito.

Sa “Linggwistika at Panitikan” ni Santiago (1985) ang uri ng wika ay nakaaapekto sa pagkakaiba ng mga mag-aaral lalo na sa pagkatuto, gayundin ang lahing kinabibilangan ay maituturing na salik ng pagkakaiba-iba dahil ang bawat wika ay may sariling istruktura.

Sa pag-aaral ni Tacorda (1989) “Mga Karaniwang Kamalian sa Kathang Pagsulat ng mga Piling Mag-aaral sa Filipino 1 sa Pamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes”, natagpuan niyang ang unang wika o dayalekto ng mga mag-aaral ay nakakaimpluwensiya nang malaki sa pagsulat.





Subalit lumabas sa pag-aaral ni Palazo (2003) na ang unang wika ng mga mag-aaral ay hindi nakaapekto sa performans nila sa pagsulat.

Maging ang paaralang pinagtapusan ng mga kadete ay isinamang salik sa pag-aaral dahil sa mga sumusunod na resulta ng pag-aaral na may kinalaman ukol sa salik na ito:

Sa pag-aaral ni Antonio (2000) sa kanyang “Pagsusuri ng Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Tabuk, Saint Louis College of Bulanao” ay natuklasan niyang walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat pribado man o publikong paaralan ang pinagtapusan.

Maging sa pag-aaral ni Hamada (2001) “An Error Analysis of Written Compositions in Four Rhetorical Acts by Fourth Class Cadets” ay napag-alaman niyang ang uri ng paaralang pinagtapusan ng mga kadete ay hindi nakaapekto sa nagawa nilang kamalian sa pagsulat.

Natuklasan ni Bautista (1995) sa kanyang pag-aaral “Motivations and English Proficiency Level of Student Teaching Training Institutions In Cordillera Administrative Region” na hindi nakaapekto ang paaralang pinagtapusan ng mga mag-aaral sa kanilang kamaliang morpolohikal, subalit nakaapekto ito sa kanilang kamaliang sintaks.

Subalit sa “Competence in English Grammar of the First Year



Students of the Mt. Province General Comprehensive High School” ni Milan (1992), ang uri ng paaralang pinagtapusan ng mga mag-aaral ay nakaapekto sa antas ng kanilang kakayahan sa mga asignatura. Sa pag-aaral niya ay mas mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nagtapos sa pribadong paaralan kaysa sa mga mag-aaral na nagtapos sa publikong paaralan.

Ganundin, iniulat ni Corpuz (1987) sa kanyang “A communication Needs Profile of Pre-Service Teacher Education Students of the University of Baguio” na ang paaralang pinagtapusan ng mga mag-aaral ay nakaapekto sa kakayahang komunikatibo ng kanyang mga respondente.

Maging sa pag-aaral ni Lunes (1999) “Performance in Two-Word Verbs of Freshman College Students of the University of Baguio” ay naglahad na ang paaralang pinagtapusan ng kanyang mga respondente ay may kaugnayan sa antas ng pagganap. Natuklasan niyang pinakamataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral na nagtapos sa paaralang pribadong non-sectarian sumunod ang pribadong sectarian at pangatlo ang publikong paaralan.

Ipinahayag ni Taguba (1987) sa kanyang “An Evaluation of the Written Compositions of Fourth Year High School Students as Elicited through Non-Verbal Stimuli” na ang mga mag-aaral na nagtapos sa pribado at mga mag-aaral na nagtapos sa publiko ay magkaiba ng paraan



ng pagpapahayag pangkomunikatibo sa kanilang pagsulat.

Dahil sa iba-iba ring resulta ng mga naunang pag-aaral, isinama ng mananaliksik ang antas ng edukasyon bilang salik sa pag-aaral na ito.

Sa resulta ng pag-aaral ni Hamada (2001) ay naipakitang hindi nakaapekto ang antas ng edukasyon ng mga kadete sa mga nagagawang kamalian sa pagsulat. Binanggit niyang ang kadeteng katatapos lamang ng hayskul at ang kadeteng nakatapos ng isang kurso sa kolehyo ay parehong nagtataglay ng kakayahan sa paggamit ng wika.

Sa mga magkakaibang pag-aaral nina Abarca (1985), Montera (1989), Cauinanian (1995) at Ullero (1987) ukol sa pagsulat ay nagpapakita ng pagkakaiba ng kamalian sa wika batay sa antas ng edukasyon ng mga mag-aaral.

Maging sa pag-aaral ni Dumpayan (2005) sa "Performans sa Pagbasa sa Tatlong Pampanitikang Genre ng Class 2006 sa Philippine Military Academy" ay lumabas na hindi nakaapekto ang antas ng edukasyon sa antas ng performans ng mga kadete sa pagsulat.

Taliwas naman ang resulta ng pag-aaral ni Tibagacay (2001) na naglahad na may mahalagang kaugnayan ang antas ng edukasyon sa nagawang kamalian sa pagsulat ng kanyang mga respondente.

Sa pag-aaral ni Alano (1979) "Toward a Description of the Functions of Cognitive and Non-Cognitive Meaning in the Communicative



Competencies of Second Language Learners” ay ipinahayag niyang ang antas ng edukasyon ng mga mag-aaral ay may epekto sa kanilang kakayahang komunikatibo. Pinatunayan niya ito sa magkaibang resulta ng kanyang mga respondente na nasa ikaapat na taon ng hayskul, ikalawang taon ng kolehyo at mga nakatapos na ng kurso sa kolehyo.

Ang lahat ng mga nabanggit na pag-aaral ay may kaugnayan at naging batayan sa ginawang pananaliksik. Tinuklas kung alin sa mga naunang pag-aaral ang kahawig o kaibahan ng pag-aaral na ito.


### Balangkas ng Teorya

Ang pag-aaral na ito ay batay sa mga teorya ng mga linggwista ukol sa wika. Ang mga kaisipan ukol sa linggwistika, sosyolinggwistika at saykolinggwistika ay binigyan pansin sa pag-aaral na ito. Makikita ang paradim ng pag-aaral na ito sa Figyur 3.

Sa linggwistikang aspeto ng pag-aaral, binabanggit dito ang teorya ng mga istrukturalista na nagbibigay tuon sa istruktura ng wika. Sa sosyolinggwistikang aspeto ay binanggit ang mga pananaw ng mga linggwista na kailangang isaalang-alang ang kapaligiran ng nag-aaral ng wika. Sa saykolinggwistika naman ay ipinaliliwanag kung paano natatamo at natututunan ang wika.

Maliban sa nabanggit, ang teorya ng interlanguage at kakayahang komunikatibo ay isinaalang-alang. Mababasa ang ilan sa mga kaisipan





Figur 3. Paradim ng pag-aaral na nagpapakita sa pagkakaugnay ng mga salik



ukol sa mga kamalian sa paggamit ng pinag-aaralang wika. Maging ang mga pinagmulan ng kamalian ay isinama rin sa input ng pag-aaral na ito.

Ang sinuri sa pag-aaral na ito ay ang mga talaarawang ipinasulat sa mga kadete. Ipinasagot sa mga kadete ang isang talatanungan upang matukoy ang ilang salik na maaaring nakaapekto sa resulta ng pag-aaral na ito gaya ng mga sumusunod: kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA.

Sa proseso ng pag-aaral ay sinuri ng mananaliksik ang talaarawan ng mga kadete. Ang pagsusuring ginawa ay sa linggwistikang bahagi ng wika gamit ang modelo ni Hendrickson (1980). Binigyan-pansin ang mga kamalian sa gramatika tulad ng kamalian sa morpolohiya, leksikon at sintaks at isinama rin sa pagsusuri ang kamalian sa mekaniks na sumasaklaw sa pagbabaybay at pagbabantas. Tinukoy ang pinagmulan ng mga kamaliang ito gamit ang modelo ni Richards (1970) na inilalathala nina Richards at Simpson (1974). Binigyan pansin sa pag-aaral ang intralingua lamang na pinagmulan ng kamalian sa paggamit ng wika. Ito ay ang labis na paglalahat, kasalatan sa kaalaman sa tuntunin di lubos na paggamit ng tuntunin at kamalian sa pagpapakahulugan na saklaw ang paghihinuha ng maling konsepto.

Bilang output ng pag-aaral, natukoy ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks at pinagmulan ng mga kamaliang nagagawa at



inaasahang maituwid ang mga pagkakamaling ito. Inilahad din ang mga epekto ng mga salik sa pag-aaral na ito.

### Katuturan ng mga Katawagang Ginamit

Antas ng edukasyon. Tumutukoy sa pinakamataas na antas ng edukasyon na kanilang natamo bago pumasok sa Akademya. Maaaring ito ay gradweyt ng hayskul, umabot ng unang taon, pangalawang taon, pangatlong taon sa kolehiyo, o kaya'y nakatapos na ng kolehiyo.

Approximative systems. Itinawag ito ni Nemser (1971) sa sistema ng wika na nabubuo ng mag-aaral ng pangalawang wika (Hamada, 2001).

Developmental Errors. Tinukoy ito ni Richards (1974) na mga kamalian sa paggamit ng pangalawang wika dulot ng kasalatan ng kaalaman sa pinag-aaralang wika (Abisamra, 2003).

Direktor ng kurso. Isang guro na nagtuturo ng isang kursong inatasang manguna sa nasabing kurso. Siya ang tagagawa ng mga banghay-aralin, tagaplano ng mga gawain sa kurso at nagsasagawa ng pagpulong sa kapwa mga guro sa nasabing kurso upang magkaugnay sa lahat ng gawain (PMA, Integritas 1994).

Elicitation Technique. Tumutukoy ito sa pamamaraan o teknik ng pagkuha ng impormasyong kailangan mula sa gawain ng mga respondente na sa pag-aaral na ito ay ang kanilang talaarawan.

Filipino. Tumutukoy sa pambansang wika ng Pilipinas. Ito'y bunga



ng maraming wika at wikain mula sa kapuluan ng Pilipinas.

Idiosyncratic Dialects. Ito ang itinawag ni Corder sa wikang nabubuo ng mag-aaral ng pangalawang wika ( Abisamra, 2003).

Ignorance of Rule Restrictions. Ito ay paggamit ng tuntunin sa mga kontekstong hindi nararapat. Isinalin sa pag-aaral na ito bilang “kasalatan sa paggamit ng tuntunin”.

Intralingual. Tumutukoy ito sa kaalaman ng mag-aaral sa kaniyang pinag-aaralang wika (James, 1998).

Interference. Tumutukoy sa negatibong impluwensya ng unang wika sa proseso ng pag-aaral ng pangalawang wika (Lado, 1964).

Interlanguage. Tumutukoy sa sistematikong karunungan sa pangalawang wikang nalilikha ng mag-aaral na wala sa anyo ng kanyang una at target na wika (Brown,1987).

Interlingual errors. Tumutukoy sa mga kamalian sa paggamit ng pangalawang wika dulot ng nakasanayan na sa unang wika (Corder, 1971).

Intralingual errors. Tumutukoy sa mga kamalian sa paggamit ng pangalawang wika dulot ng kasalatan sa kaalaman sa pinag-aaralang wika. Walang kinalaman dito ang unang wika (James, 1998).

Kadete. Tumutukoy sa mga mag-aaral ng isang pangmilitar na paaralan at nagsasagawa ng pagsasanay ukol sa kanilang propesyon





maliban pa sa kanilang academics (Tibagacay, 2001).

Kakayahang Komunikatibo. Tumutukoy sa pag-aaral na ito sa bilang kahusayan sa paggamit ng wika upang makipagkaunawaan (Wardhaugh, 1977).

Kakayahang Linggwistika. Tumutukoy sa kahusayan o kaalaman sa istruktura ng wika, kasama dito ang tunog at semantika.

Kahusayan. Tumutukoy sa kadalubhasaan sa paggamit ng wika (Antonio, 2000).

Kamalian. Sa pag-aaral na ito'y tumutukoy sa mga hindi pagsunod o kaya ay paglabag sa mga kasalukuyang umiiral na tuntunin sa paggamit ng wika (Antonio, 2000).

Komposisyon. Pasulat na pagpapahayag o pagsasatitik ng naiisip at nadarama ng mga mag-aaral batay sa kanilang karanasan, pakikinig, pagbabasa, panonood at pakikisalamuha sa kapwa.

Labis na Paglalahat. Sa pag-aaral na ito'y tumutukoy sa "overgeneralization" ni Richards (1970). Ito ay isa sa mga pinagmumulan ng kamalian kung saan ang mag-aaral ay nakagagawa ng kamalian sa paggamit na wika dulot ng kanyang karanasan sa istruktura ng pinag-aaralang wika (Abisamra, 2003).

Paaralang Pinagtapanan ng Hayskul. Tumutukoy sa uri ng paaralang pinagtapanan ng hayskul, kung pribado o publikong paaralan.



Pagkakamaling Leksikal. Tumutukoy sa pagkakakaltas o maling pagkakagamit ng mga morpema ng pangngalan, pandiwa, pang-uri at pang-abay (Casino, 1994).

Pagkakamaling Morpolohikal. Tumutukoy sa paggamit ng maling pananda ng pangngalan, maling aspekto ng pandiwa (Casino, 1994).

Pagkakamaling Sintaktika. Tumutukoy sa hindi maayos na pagkakasunod ng mga bahagi ng panalita upang mabuo ng isang makabuluhang pahayag (Casino, 1994).

Pakikipagtalastasan. Pakikipag-ugnayan sa ibang tao upang makibahagi sa kanilang kaalaman, ideya o saloobin.

Pangalawang Wika. Wikang ginagamit na natutunan pagkatapos ng unang wika. Tumutukoy sa pinag-aaralang wika sa pag-aaral na ito.

Philippine Military Academy. Paaralan ng mga kadete na hinuhubog maging opisyal ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas sa hinaharap (PMA Handbook, 1997 ed.). Dito isinagawa ang pag-aaral.

Saykolingwistika. Tumutukoy sa sangay ng pag-aaral ng wika na tumatalakay sa pagtatamo at pagkatuto ng wika (Casino, 1994).

Semantic Errors. Isa ito sa apat na pinagmumulan ng kamalian ni Richards (1970). Tumutukoy ito sa kamaliang dulot ng maling pagpapakahulugan. Saklaw nito ang paghihinuha ng maling konsepto (Abisamra, 2003).



Sosyolinggwistika. Ito ay ang sangay ng linggwistikang tumatalakay sa tungkulin ng wika sa lipunan (Casino, 1994).

Talaarawan. Nakasulat na karanasan, alaala at pangyayari sa buhay ng bawat tao. Itinatala ito araw-araw (Palazo, 2003).

Transformational Generative Grammar. Sistema ng mga tuntunin upang matukoy ang deep at surface structure ng isang wika. Teorya ito ni Chomsky (Tibagacay, 2001).

Transitional Language. Katawagang ibinigay ni Corder (1971) sa wikang nabubuo ng mag-aaral habang nag-aaral ng pangalawang wika. Iba pa ito sa kanyang una at pangalawang wika (Tibagacay, 2001).

Unang Wika. Tumutukoy sa wikang katutubo ng isang tao.

4<sup>th</sup> Class. Tumutukoy ito sa pinaka-unang lebel ng pagkakadete katumbas ng unang taon sa kolehyo.

Wika. Isang masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na pinili at isinaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong napapabilang sa isang kultura (Gleason, 1961).

### Haypotesis ng Pag-aaral

Batay sa mga tiyak na suliranin ng pag-aaral, ang mga sumusunod na hakahaka ay nabuo:


1. May malaking pagkakaiba ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks sa pagsulat ng mga kadete ng kanilang talaarawan.



2. May pagkakaiba ng pinagmulan ng mga kamalian sa pagsulat ng mga kadete ng kanilang talaarawan.

3. May epekto sa nagawang kamalian sa gramatika at mekaniks sa pagsulat ng mga kadete ng kanilang talaarawan ang mga sumusunod na salik:

- a. kasarian
- b. unang wika
- c. paaralang pinagtapusan ng hayskul
- d. antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA



## **PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK**

### Kinaganapan ng Pag-aaral

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Philippine Military Academy na matatagpuan sa Fort Del Pilar, na nasa bahaging Hilaga ng Lungsod ng Baguio. Mula sa pinakasentro ng lungsod ang Philippine Military Academy ay humigit kumulang 11 kilometrong layo.

### Mga Respondente ng Pag-aaral

Ang respondente sa pananaliksik na ito ay may 30 na babae at 168 na lalaki na sa kabuuan ay 198 na 4<sup>th</sup> Class na kadete na kabilang sa Class 2010. Sila ang mga kadete sa akademya na kumukuha ng asignaturang Filipino 1 - Sining ng Pakikipagtalastasan at sa asignaturang ito ay pinagsasanayan ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat. Ang lahat ng mga babae na umabot ng 30 na bilang ay isinama na lahat sa pananaliksik na ito yamang maliit na bilang lamang ito kumpara sa bilang mga lalaki. Ang respondenteng mga lalaki ay ginamitan ng random sampling at sa kabuuan ng mga respondente ay 2/3 ng kabuuang bilang ng mga kadete.

Makikita sa Talahanayan 1 ang profile ng mga respondente. May 30 (15.15%) kabuuang bilang ang mga respondenteng babae at 168 (84.85%) na respondenteng lalaki. Ayon sa unang wika, pinakamarami







Figur 4. Kinaganapan ng Pag-aaral



Talahanayan 1. Profile ng mga respondente

KASARIAN	BILANG	BAHAGDAN
Babae	30	15.15
Lalaki	168	84.85
Kabuuan	198	100.00

UNANG WIKA

Bicol	6	3.03
Bisaya	44	22.22
Hiligaynon	13	6.57
Ilocano	39	19.70
Pampagueno	2	1.00
Pangasinense	2	1.00
Tagalog	66	33.33
Waray	5	2.54
Iba pa	21	10.61
Kabuuan	198	100.0

PAARALANG PINAGTAPUSAN

Pribado	75	37.88
Publiko	123	62.12
Kabuuan	198	100.00

ANTAS NG EDUKASYON BAGO PUMASOK SA PMA

Nagtapos ng Hayskul	17	8.58
Unang Taon ng Kolehiyo	67	33.84
Ikalawang Taon	55	27.78
Ikatlong Taon	27	13.64
Ikaapat na Taon	16	8.08
Ikalimang Taon/Nagtapos	16	8.08
Kabuuan	198	100.00



ang mga kadeteng Tagalog na may bilang na 66 (33.33%). Sumunod na pinakamarami ay ang Bisaya na may kabuuang bilang na 44 (22.22%). Pangatlo sa ranggo ang Ilokano na may bilang na 39 (19.70%). Pang-apat sa dami ng bilang ang pinagsama-samang wikain na wala sa nabanggit na walong pangunahing wika at wikain sa Pilipinas.tulad ng Itawes (9), Kankanaey (3), Ibanag (2), Ibaloi (2), Chavakano (2), Ifugao (2) at Samal (1), na may kabuuang bilang na 21 (10.61%). Panglima sa ranggo ang Hiligaynon na may 13 (6.57). Sumunod ang Bicol na may 6 (3.03), Waray na may bilang na 5 (2.53%) at parehong may tigtalawang respondenteng Pampangueno (1.0%) at Pangasinense (1.0%). Sa kabuuan ay may 198 na respondente.

Sa kabuuang bilang ng mga respondenteng 198, ang nagtapos ng hayskul sa paaralang pribado ay may bilang na 75 (37.88%) at 123 (62.12) sa paaralang publiko.

Sa antas ng edukasyon ng mga kadete bago pumasok sa PMA, pinakamarami ang nakaabot ng unang taon sa pagkokolehyo na may bilang na 67 (33.84%). Sumunod sa dami ng bilang ang mga nakaabot ng ikalawang taon na may bilang na 55 (27.78%). Pangatlo ang nakaabot ng ikatlong taon na may bilang na 27 (13.64). Pang-apat ang mga nakatapos ng hayskul na 17 (8.58%) at ang mga nakaabot ng ikaapat na taon sa kolehyo ay 16 (8.08%). Pareho rin ang bilang ng mga nakaabot ng





ikalimang taon na kasama ang nakatapos na ng kurso, 16 (8.08%).

### Paraan ng Pananaliksik

Pinasulat ang mga kadete ng talaarawan. Mula sa mga talaarawan ay binigyan-pansin sa pagsusuri ang kanilang kamalian sa gramatika batay sa Modelo ni Hendrickson (1980). Ang mga kamaliang ito ay kamalian sa morpolohiya, leksikon at sintaks at isinamang sinuri ang kamalian sa mekaniks na saklaw ang kamalian sa pagbabaybay at kamalian sa pagbabantas.

Batay sa mga pagkakamali sa pagsulat ng talaarawan, sinuri ng manaliksik ang pinagmulan ng mga kamaliang ito. Ang mga ito ay ang intralingual ni Richards (1970) na nakasaad sa aklat nina Richards at Simpson (1974). Ito ang ginamit na modelo sa pag-aaral na ito. Ito ay ang labis na paglalahat (overgeneralization), kasalatan sa kaalaman sa tuntunin (ignorance of rule restriction), di lubos na paggamit ng tuntunin (incomplete application of rules) at kamalian sa pagpapakahulugan (semantic error) na saklaw ang paghihinuha ng maling konsepto (hypothesizing false concepts). Halimbawa ng kamalian dahil sa labis na paglalahat ay ang pahayag na "Si Mario at Lian ay mabilis sa takbuhan" sa halip na "Sina Mario at Lian ay mabibilis sa takbuhan". Sa kasalatan ng kaalaman sa tuntunin ay halimbawa ang pahayag na "Malalampasan ang lahat na ito" sa halip na "Malalampasan ang lahat ng ito". Ang



halimbawa ng kamalian dahil sa di lubos na paggamit ng tuntunin ay ang kamalian sa pahayag na “Umalis araw-araw ang ama ng tahanan” sa halip na “Umaalis araw-araw ang ama ng tahanan”. At ang panghuli ay ang kamalian sa pagpapakahulugan. Ang halimbawa nito ay ang pahayag na “Nahulog na ang bata”. Ang “bata” dito ay maaaring ipakahulugang musmos, damit, tagasunod o kaya ay kabit. (Tibagacay, 2001)

Iniugnay ang mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan at pinagmulan ng kamalian sa mga salik na kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA. at sinuri kung ang mga ito ay may epekto sa kamaliang nagawa sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

#### Pangungulekta ng datos

Pinasulat ang mga kadete ng isang linggong talaaraan upang masusri ang kamalian sa pagsulat at ang mga pinagmumulan ng mga kamalian ito. Bukod dito, pinasagutan sa kanila ang inihandang talatanungan upang makuha ang hinihinging impormasyon gaya ng kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa Philippine Military Academy.

#### Pagsusuring Istatistika

Ginamit ang elicitation technique sa mga talaarawang sinulat ng



mga kadete. Sa mga sinuring uri ng kamalian at pinagmulan ng kamalian ay ginamit ang frequency counts, percent, mean at ranking. Sa epekto ng mga salik sa nagawang kamalian sa pagsulat ay ginamit ang Chi-Square.



## **PAGTALAKAY SA MGA RESULTA**

Ang bahagi ng pag-aaral na ito ay tumatalakay sa resulta ng mga datos na nakalap batay sa mga layunin ng pag-aaral na ito na ang mga sumusunod:

1. Masuri ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks na nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.
2. Masuri ang pinagmulan ng mga kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.
3. Masuri ang epekto ng mga sumusunod na salik sa nagawang kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan:
  - a. kasarian
  - b. unang wika
  - c. paaralang pinagtapusan ng hayskul
  - d. antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA

### Uri ng Kamaliang Nagawa ng mga Kadete sa Pagsulat ng Talaarawan

Tinatalakay sa bahaging ito ang mga uri ng kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan. Ginamit sa pagsusuri ng kamalian ang modelo ni Hendrickson (1979) - kamalian sa morpolohiya, leksikon at sintaks. Sa pag-aaral na ito'y isinama ang pagsusuri sa mekaniks na sumasaklaw sa pagbabaybay at pagbabantas.



### Kamalian sa Leksikon

Sa apat na uri ng kamaliang sinuri sa pag-aaral na ito, nanguna ang kamalian sa leksikon sa pinakamaraming kamaliang nagawa ng mga kadete. Sinuri sa bahagi ng kamalian sa leksikon ang mga maling gamit at paglalaktaw sa paggamit ng mga salitang pangnilalaman na gaya ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri at pang-abay. Makikita sa talahanayan 2 ang lagom ng nagawang kamalian ng mga kadete sa leksikon sa pagsulat nila ng kanilang mga talaarawan. Sa kabuuang bilang ng kamalian sa leksikon na 1117 ay 335 (29.99%) ang nagawang kamalian sa pandiwa. Sa maling gamit ng pandiwa ay may naitalang 261 (77.91%) at 74 (22.09%) sa paglalaktaw. Pangalawa ang kamalian sa pang-uri na may bilang na 312 (27.93%). Sa maling gamit ay umabot ng 258 (82.69%) at 54 (17.31%) sa paglalaktaw. Pangatlo ang kamalian sa pang-abay na may kabuuang bilang na 268 (23.99%). Sa ilalim nito ay may naitalang 203 (75.75%) sa maling gamit at 65 (24.25%) naman sa paglalaktaw. Pang-apat ang kamalian sa pangngalan na may kabuuang bilang na 145 (12.98%) na ang 122 (84.14%) dito ay sa maling gamit at 23 (15.86%) sa paglalaktaw. Pinakamababa sa bilang ng kamalian sa leksikon ang kamalian sa panghalip na mayroon lamang kabuuang bilang na 56 ( 5.11%). Sa ilalim nito ay may naitalang 37 (66.07%) sa maling gamit at 19 (33.93%) sa paglalaktaw.

## Talahanayan 2. Kamalian ng mga kadete sa leksikon

Kamalian	Bilang	Bahagdan	Ranggo
1. Pangngalan	145	12.98	4
a. maling gamit	122	(84.14)	
b. paglalaktaw	23	(15.86)	
2. Panghalip	56	5.11	5
a. maling gamit	37	(66.07)	
b. paglalaktaw	19	(33.93)	
3. Pandiwa	335	29.99	1
a. maling gamit	261	(77.91)	
b. paglalaktaw	74	(22.09)	
4. Pang-uri	312	27.93	2
a. maling gamit	258	(82.69)	
b. paglalaktaw	54	(17.31)	
5. Pang-abay	268	23.99	3
a. maling gamit	203	(75.75)	
b. paglalaktaw	65	(24.25)	
Kabuuan	1117	100.00	

Kamalian sa pandiwa. Nanguna sa ranggo ng kamalian sa leksikon ang pandiwa na umabot sa bilang na 335 (29.99%). Naitalang may 261 (77.91%) sa maling gamit at 74 (22.09%) sa paglalaktaw.

Narito ang ilan sa mga naitalang halimbawa ng mga kamalian sa leksikon na nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

Maling Gamit: Malungkot akong sumama sa klase ko sa IT.

Pagwawasto: Malungkot akong pumasok sa klase ko sa IT.

Maling Gamit: Kinaharap kami ng aming pinuno upang pagpayuhan.

Pagwawasto: Hinarap kami ng aming pinuno upang pagpayuhan.

Paglalaktaw: Pagkatapos ng pananghalian, ^ lahat ng plebo sa Grandstand.

Pagwawasto: Pagkatapos ng pananghalian, tinipon lahat ng plebo sa Grandstand.

Paglalaktaw: ^ Parada kaninang umaga.

Pagwawasto: Nagkaroon ng parada kaninang umaga.

Sa pananaliksik na ito ay nanguna sa bilang ang pandiwa sa kamalian sa leksikon. Pareho sa resulta ng pag-aaral nina Palazo (2003) at Epistola (2000) na nanguna sa ranggo ng kamalian sa leksikon ang pandiwa. Maging sa pag-aaral ni Hufana (1982) ay nanguna rin ang pandiwa sa kamalian sa leksikon. Nabanggit din ni Palazo (2003) na sa pag-aaral ni Taguba (1987) ay natuklasan niyang nanguna sa kamalian sa leksikon ang paggamit ng pandiwa at maging sa pag-aaral ni Jamison (1995) ay lumabas na sa paggamit ng pandiwa nagkakaroon ng kadalasang pagkakamali sa pagsulat.

Hindi man nanguna subalit natuklasan sa pag-aaral ni Hamada (2001) na pangalawa sa ranggo ng kamalian sa leksikon ang pandiwa. Maging sa pag-aaral ni Catimo (1999) ay pangalawa rin sa ranggo ang kamalian sa pandiwa. Sinusugan pa ito ng pag-aaral nina Minong at

Hufana (1983) na sa ranggo ay pumapangalawa ang pandiwa sa kadalasang kamalian sa pagsulat. Nabanggit din nila na maaaring ang kamalian sa pandiwa ay dulot ng walang kamuwangan sa gamit ng pandiwa sa teksto kaya't inuunawa na lamang ito batay sa pandinig ng mag-aaral (Hamada, 2001).

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay pinagtibay ng naunang pag-aaral nina Scott at Tucker (1974) na binanggit ni Hamada (2001) na ang kadalasang pagkakamali sa pandiwa ay bunga ng "rule-generated language" na binabanggit ng mga dalubhasa sa pagsusuri sa kamalian tulad nina Corder (1971) sa kanyang idiosyncratic dialects at transitional competence, Nemser (1971) sa kanyang approximative systems at ni Selinker (1972) sa kanyang interlanguage.

Kamalian sa Pang-uri. Sumunod sa pandiwa ang pang-uri sa dami ng kamalian sa leksikon. Sa kabuuang bilang na 312 (27.93%) ng kabuuang kamalian sa leksikon ay 258 (82.69%) ang naitala sa maling gamit at 54 (17.31%) sa paglalaktaw.

Ang sumusunod ay ilan sa mga naitalang kamalian sa pang-uri.

Maling Gamit: Pamagan kasi ng aking assistant squad leader kaya lagi akong natutulala.

Pagwawasto: Napakahigpit/Napakaistriko kasi ng aking assistant squad leader kaya lagi akong natutulala.



- Maling Gamit: Ang aking buddy ay hindi naman masyadong mataas.
- Pagwawasto: Ang aking buddy ay hindi naman masyadong matangkad
- Paglalaktaw: Bagamat ^ sa likod ang head-up, kailangan ko pa rin itong gawin.
- Pagwawasto: Bagamat masakit sa likod ang head-up, kailangan ko pa rin itong gawin.
- Paglalaktaw: Naranasan ko dito ang ^ buhay sundalo na iba sa pagkakaalam ko bago ako pumasok dito.
- Pagwawasto: Naranasan ko dito ang tunay/totoong buhay sundalo na iba sa pagkakaalam ko bago ako pumasok dito.

Sa bahagi ng pang-uri ay napansin ng mananaliksik na iba-iba ang naging ranggo ng pang-uri sa kamalian sa leksikon. Sa pananaliksik na ito ay lumabas na pangalawa sa ranggo ng kamalian sa leksikon ang pang-uri. Sa pag-aaral ni Hamada (2001) ay nanguna ang pang-uri, pangatlo ito sa pananaliksik ni Palazo (2003) samantalang panghuli naman kay Tibagacay (2001).

Nabanggit ni Hamada (2001) na ang mga kamalian sa pang-uri ay maaari nating iugnay sa tinatawag nating "fossilization of errors". Ito ay ang permanenteng paggamit ng maling kayarian ng pangalawang wika na maaaring dulot ng mga hindi naiwastong kamalian. Ito ang dahilan kung

bakit maging ang mga lokal na kamalian o kamaliang hindi nakasasagabal sa pag-unawa sa teksto ay kailangang iwasto.

Kamalian sa Pang-abay. Pangatlo sa ranggo ng kamalian sa leksikon ang pang-abay na may kabuuang bilang na 268 (23.99%). Sa maling gamit ay 203 (75.75%) at 65 (24.25%) naman sa paglalaktaw.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng kamalian sa pang-abay.

- Maling Gamit: Lubos na naman akong tumakbo upang makaabot sa klase.
- Pagwawasto: Matulin/Mabilis na naman akong tumakbo upang makaabot sa klase.
- Maling Gamit: Malalim akong nananalangin lagi sa Diyos na lagi sana niya akong bigyan ng lakas ng loob.
- Pagwawasto: Taimtim akong nananalangin lagi sa Diyos na lagi sana niya akong bigyan ng lakas ng loob.
- Paglalaktaw: Tumakbo kami nang ^ upang hindi mahuli sa klase.
- Pagwawasto: Tumakbo kami nang mabilis upang hindi mahuli sa klase.
- Paglalaktaw: Dito ko naranasan ang matulog ^ mahimbing kahit isang minuto lang dahil sa pagod.
- Pagwawasto: Dito ko naranasan ang matulog nang mahimbing kahit isang minuto lang dahil sa pagod.

Pangatlo sa ranggo ng kamalian sa leksikon ang pang-abay sa pananaliksik na ito. Naiiba ang resultang ito dahil sa pag-aaral ni Hamada (2001) at Palazo (2003) ay parehong nasa panghuling ranggo ang paggamit na pang-abay sa kamalian sa leksikon.

Kamalian sa Pangngalan. Ang kamalian sa pangngalan ay pang-apat na umabot ng 145 (12.98%) na kamalian. Sa maling gamit ay 122 (84.14%) at sa paglalaktaw ay 23 (15.86%).

Narito ang halimbawa ng kamalian sa pangngalan ng mga kadete.

- Maling Gamit: Ipinaliwanag na ang mga kamalasan ay hindi nawawala habang nagsasanay sa pagkasundalo.
- Pagwawasto: Ipinaliwanag na ang mga problema ay hindi nawawala habang nagsasanay sa pagkasundalo.
- Maling Gamit: Gusto kong magkaroon ng katatagan ng katawan kaya't lagi akong nag eehersisyo.
- Pagwawasto: Gusto kong magkaroon ng kalakasan ng katawan kaya't lagi akong nag eehersisyo.
- Paglalaktaw: Sabado ngayon, kaya't araw ng pagsusuri ^.
- Pagwawasto: Sabado ngayon, kaya't araw ng pagsusuri ng baraks.
- Paglalaktaw: Isinama ako ng aking pinuno na magpalakas ^.
- Pagwawasto: Isinama ako ng aking pinuno na magpalakas ng katawan.

Ang pangngalan ay pang-apat sa limang kamalian sa leksikon. Sumasang-ayon ang resulta ng pag-aaral na ito sa resulta ng pag-aaral ni Altamarino (2000) na binanggit ni Hamada (2001) kung saan ang pangngalan ay mayroon lamang 2.11% na kamaliang nagawa ng kanyang mga respondente.

Kung sa ranggo ang pagbabatayan, taliwas ang resulta ng pananaliksik na ito sa natuklasan ni Mayos (1988) na ang pangunahing kahirapan ng mga mag-aaral ay sa paggamit ng pangngalan. Maging sa pag-aaral ni Hamada (2001) ay nanguna ang pangngalan sa ranggo ng kamalian sa leksikon at kay Palazo (2003) pangalawa naman ang pangngalan.

Kamalian sa Panghalip. Panghuli ang kamalian sa panghalip sa kamalian sa leksikon batay sa resulta ng pananaliksik na ito. Ang kabuuang bilang ng kamalian sa panghalip ay 56 (5.11%) lamang. May naitalang 37 (66.07) sa maling gamit at 19 (33.93) sa paglalaktaw.

Makikita ang halimbawa ng mga kamaliang ito sa mga sumusunod na pahayag:

Maling gamit: Nilinis ko nang mabuti ang aking riple upang kumintab siya.

Pagwawasto: Nilinis ko nang mabuti ang aking riple upang kumintab ito.

Maling Gamit: Ipinasaulo kami ng mga pangalan ng mga opisyal na namumuno sa amin.

Pagwawasto: Ipinasaulo sa amin ang mga pangalan ng mga opisyal na namumuno sa amin.

Paglalaktaw: Hindi ^ namalayan na nakatulog na pala ako sa sobrang pagod.

Pagwawasto: Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako sa sobrang pagod.

Paglalaktaw: Umiikot lamang sa isipan ko ang ^ nagawa.

Pagwawasto: Umiikot lamang sa isipan ko ang aking nagawa.

Sa pananaliksik na ito ay panghuli sa ranggo ang kamalian sa panghalip na hindi nalalayo sa naging resulta ng pag-aaral ni Palazo (2003) na pang-apat sa limang kamalian sa leksikon. Nabanggit niya nagkakaroon ng kamalian sa panghalip dahil ginagamit ng mga mag-aaral ang mga panghalip na pamatlig bilang panghalip na panao o bise bersa.

Batay sa banggit ni Palazo (2003), sinabi ni Corder (1967) na makabuluhan ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa mga guro dahil dito niya nalalaman ang proseso ng pagkatuto. Idinagdag pa ni Burt (1975) sa pagbanggit pa rin ni Palazo (2003) na ang ilan sa mga pagkakamali ng mga mag-aaral ay dapat na ipahintulot at pagpasensyahan upang maging malaya ang mag-aaral na makapagpapahayag ng sarili sa target na wika.

Sa aklat ni Cortez (2000) ay binanggit ang pahayag ni Corder (1974) na praktikal na gamit ang kamalian. Una, ang mga kamalian ay nagbibigay ng fidbak sa kabisaan ng teknik sa pagtuturo at nailalahad kung anong bahagi ng sinusundang silabus ang di-gaanong napag-aralan o naituro. Pangalawa, ang kamalian ay nakatutulong sa pagpapasya kung maaari nang tumungo sa susunod na bahagi ng silabus. Ang mga kamalian kung ganun ay nakatutulong sa pagtataya ng silabus at batayan sa pagsasama ng mga aytem na idaragdag sa silabus.

#### Kamalian sa Sintaks.

Ang kamalian sa sintaks ay pumapangalawa sa leksikon sa dami ng kamaliang nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan. Makikita sa talahanayan 3 ang tala ukol resulta ng pag-aaral sa kamalian sa sintaks. Sa bahaging ito ay sinuri ang kamalian sa paggamit ng mga pang-angkop, pang-ukol, pangatnig, pantukoy at panandang "ay". Isinama dito ang pagkakaayos ng salita (Tibagacay, 2001). Dito ay may naitalang 723 (27.64%) na kamalian sa sintaks.

Sa kamalian sa sintaks, nanguna sa ranggo ang kamalian sa pang-angkop na may kabuuang bilang na 170 (23.51%). May naitalang 108 (63.53%) sa maling gamit at 62 (36.47%) sa paglalaktaw. Pangalawa ang kamalian sa pangatnig na may bilang na 150 (20.75%). Dito may 88 (58.67%) na kamalian sa maling gamit at 62 (41.33%) sa paglalaktaw.

Talahanayan 3. Kamalian ng mga kadete sa sintaks

Kamalian	Bilang	Bahagdan	Ranggo
1. Pang-angkop	170	23.51	1
a. Maling Gamit	108	(63.53)	
b. Paglalaktaw	62	(36.47)	
2. Pang-ukol	93	12.86	5
a. Maling Gamit	38	(52.05)	
b. Paglalaktaw	35	(47.95)	
3. Pangatnig	150	20.75	2
a. Maling Gamit	88	(58.67)	
b. Paglalaktaw	62	(41.33)	
4. Pantukoy	135	18.67	3
a. Maling Gamit	38	(28.15)	
b. Paglalaktaw	97	(71.85)	
5. Panandang "ay"	119	16.46	4
a. Maling Gamit	47	(35.78)	
b. Paglalaktaw	72	(64.42)	
6. Pagkakaayos ng mga salita	56	7.75	6
Kabuuan	723	100.00	

Pangatlo sa ranggo ang kamalian sa pantukoy na may kabuuang bilang na 135 (18.67%), 38 (28.15%) sa maling gamit at 97 (71.85%) sa paglalaktaw. Pang-apat ang kamalian sa paggamit ng panandang "ay" na may bilang na 119 (16.46%). Sa maling gamit ay 47 (35.78%) at sa paglalaktaw ay 72 (64.42%). Panglima ang kamalian sa pang-ukol na mayroon bilang na 93 (12.86%) at 38 (52.05%) nito ay sa maling gamit at

35 (47.95%) sa paglalaktaw. Panghuli sa ranggo ang maling pagkakaayos ng mga salita na mayroon lamang naitalang 56 (7.75%).

Kamalian sa Pang-angkop. Nanguna sa dami ng bilang ng kamalian sa sintaks ang kamalian sa pang-angkop. Ito ay tumutukoy sa mga pang-angkop na 'na', '-ng' at '-g'. Sa 170 (23.51%) na kamalian sa pang-angkop ay 108 (63.53%) ang naitala sa maling gamit at 62 (36.47%) sa paglalaktaw.

Nakatala sa ibaba ang ilan sa mga halimbawa ng kamalian sa paggamit ng pang-angkop.

Maling Gamit: Panatiling ko na lamang ang aking determinasyong makatapos ng kurso dito sa PMA.

Pagwawasto: Panatilihin ko na lamang ang aking determinasyong makatapos ng kurso dito sa PMA.

Maling Gamit: Itinatanong ko sa sarili ko kung kaya ko pa kaya ang nangyayari na ito sa buhay ko?

Pagwawasto: Itinatanong ko sa sarili ko kung kaya ko pa kaya ang nangyayaring ito sa buhay ko?

Paglalakataw: Pabalik na kami sa baraks nang makita ko ang pinsan ko ^ tumatakbo.

Pagwawasto: Pabalik na kami sa baraks nang makita ko ang pinsan kong tumatakbo.



Paglalaktaw: Nais ko sanang matutunan^ mabuti ang lahat ng mga itinuturo dito.

Pagwawasto: Nais ko sanang matutunang mabuti ang lahat ng mga itinuturo dito.

Nanguna ang pang-angkop sa kamalian sa sintaks sa pagsulat ng mga kadete. Mapapansing wala ito sa wikang Ingles na siyang ginagamit ng mga kadete sa akademya. Ito marahil ang dahilan kung bakit nanguna ito sa ranggo ng kamalian sa sintaks dahil hindi na binibigyan-pansin ng mga kadete ang wastong panggamit ng pang-angkop. Napansin ng mananaliksik na karamihan sa mga kadete ay ang pang-angkop lamang na 'na' ang ginagamit sa kanilang pagsulat.

Kamalian sa Pangatnig. Pangalawa kamalian sa pangatnig sa ranggo ng kamalian sa sintaks na may kabuuang 150 (20.75%). Sa kamalian sa pangatnig 88 (58.67%) ay sa maling gamit at 62 (41.33%) ay sa paglalaktaw.

Narito ang halimbawa ng mga kamalian sa pangatnig ng mga kadete sa kanilang pagsulat ng talaarawan.

Maling Gamit: Pinagalitan ako ng upperclass ko at ako ay na "low morale"

Pagwawasto: Pinagalitan ako ng upperclass ko kaya ako ay na "low morale".

Maling Gamit: Naiinis ako at naiintindihan ko rin naman dahil alam kong para ito sa kabutihan ko.

Pagwawasto: Naiinis ako subalit naiintindihan ko rin naman dahil alam kong para ito sa kabutihan ko.

Paglalaktaw: Ang lahat ng pagsasanay ay ^ ikatatatag din namin.

Pagwawasto: Ang lahat ng pagsasanay ay para sa ikatatatag din namin.

Paglalaktaw: Titiisin ko ang lahat ^ makatulong ako sa pamilya ko.

Pagwawasto: Titiisin ko ang lahat upang/ para makatulong ako sa pamilya ko.

Sa resulta ng pananaliksik, napansin ng mananaliksik na hindi naglalayo ang bilang ng maling gamit ng pangatnig at paglalaktaw nito sa mga pahayag. Ibig sabihin nito'y hindi talaga kabisado ng mga repondente kung anong uri ng pangatnig ang gagamitin. Pasubali? Panapos? o Pandagdag?

Kung ihahambing sa ibang pananaliksik, nagkapalit lamang ng ranggo ang dalawang kamalian sa sintaks na natalakay na. Sa resulta ng pananaliksik na ito ay nanguna ang pag-angkop at pangalawa ang pangatnig, samantalang kay Palazo (2003) ay nauna ang pangatnig at pangalawa ang pang-angkop.

Kamalian sa Pantukoy. Pangatlo lamang sa ranggo ng kamalian

sa sintaks ang pantukoy na may kabuuang bilang na 135 (18.67%). Sa 135 na kabuuang bilang, 38 (28.15%) ang naitala sa maling gamit samantalang 97 (71.85%) sa paglalaktaw. Mapapansing mas marami ang bilang ng paglalaktaw kaysa sa maling gamit.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga kamalian sa pantukoy.

- Maling Gamit: Lumiban na sila Cdt Tan at Cdt Culanggo.
- Pagwawasto: Lumiban na sina Cdt Tan at Cdt Culanggo.
- Maling Gamit: Sa totoo lang, ang asignatura dito sa PMA ay hindi mahirap aralin at intindihin.
- Pagwawasto: Sa totoo lang, ang mga asignatura dito sa PMA ay hindi mahirap aralin at intindihin.
- Paglalaktaw: ^ Pangkakaroon ng lakas ng loob ang tunay na sandata sa pakikihamok dito.
- Pagwawasto: Ang pangkakaroon ng lakas ng loob ang tunay na sandata sa pakikihamok dito.
- Paglalaktaw: ^ sobrang pagod at kakulangan ng oras ^ tanging kalaban dito.
- Pagwawasto: Ang sobrang pagod at kakulangan ng oras ang tanging kalaban dito.

Ang resulta ng pananaliksik sa bahaging sintaks ay nagpapakita na karamihan sa mga respondente ay hindi pa marunong gumamit ng mga

pantukoy sa simula ng mga pangungusap at hindi rin marunong gumamit ng pantukoy na maramihan. Ganito rin ang matuklasan nina Hamada (2001), Tibagacay (2003) at Palazo (2003) sa kanilang pag-aaral.

Kamalian sa panandang "ay". Pang-apat sa ranggo ang kamalian sa paggamit ng panandang "ay" na may bilang na 119 (16.46%). Katulad ng pantukoy, mas marami ang paglalaktaw kaysa sa maling gamit. Ang paglalaktaw ay may bilang na 72 (64.42) samantalang 47 (35.78%) lang ang maling gamit.

Ilan sa mga halimbawa nito ay makikita sa sumusunod na pahayag.

Maling gamit:	Kung minsan <u>na</u> di maiiwasan talaga ang makatulog sa klase.
Pagwawasto:	Kung minsan <u>ay</u> di maiiwasan talaga ang makatulog sa klase.
Maling Gamit:	Marami na ang bilang ng kadete <u>ay</u> gustong umuwi.
Pagwawasto:	Marami na ang bilang ng kadete <u>na</u> gustong umuwi.
Paglalaktaw:	Pananghalian na ^ di ko pa tapos ang pamamalantsa.
Pagwawasto:	Pananghalian na'y di ko pa tapos ang pamamalantsa.
Paglalaktaw:	Kami ^ nakatanggap ng maraming "endorsement".
Pagwawasto:	Kami ay nakatanggap ng maraming "endorsement".

Ayon kay Palazo (2003) ang pagkakamaling nagawa ng mga mag-aaral sa panandang "ay" ay tanggapin dahil sa itinuturing itong

prosesong kailangan sa pagtatamo ng target na wika. Ang pag-aaral ng kamalian ay nagbibigay ng kaalaman kung paano natututo sa target na wika ang isang tao at kung paano ito gagamitin sa pagtuturo. Idinagdag pa niyang ang pagkakamali sa target na wika ay maaaring dahilan ng interlingual transfer. Ibig sabihin nito'y naapektuhan ng kanyang unang wika ang kanyang pangalawa o target na wika.

Kamalian sa Pang-ukol. Panlima sa ranggo ng kamalian sa sintaks ang kamalian sa pang-ukol. May naitalang kamalian sa pang-ukol na kabuuang bilang na 93 (12.86%) na 38 (52.05%) ay sa maling gamit at 35 (47.95%) sa paglalaktaw.

Mababasa sa halimbawa ang ilan sa mga kamalian sa pang-ukol na nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

Maling gamit: Isang oras na naman nang pagpapalakas ng katawan ng isang mandirigma ang lumipas.

Pagwawasto: Isang oras na naman para sa pagpapalakas ng katawan ng isang mandirigma ang lumipas.

Maling Gamit: Kinausap kami ng aming Company Commander ayon sa pinagdadaanan naming buhay.

Pagwawasto: Kinausap kami ng aming Company Commander ukol sa pinagdadaanan naming buhay.

Paglalaktaw: Ang talakayan ng pangkat ay ^ Cadet Empowerment.

Pagwawasto: Ang talakayan ng pangkat ay ukol sa "Cadet Empowerment"

Paglalaktaw: Puyatan na naman mamaya ^ pagbabalik-aral.

Pagwawasto: Puyatan na naman mamaya sa pagbabalik-aral.

Sa pag-aaral ni Tibagacay (2001) ay nanguna ang kamalian sa pang-ukol sa kamalian sa sintaks ng kaniyang mga respondente. Binanggit din niya na nadiskubre ni Maglinte (1983) na sa kanyang pag-aaral sa pagsusuri sa komposisyon ng mga mag-aaral na nasa ikatlo at ikaapat na taon na antas ng hayskul ay kadalasang ang kamalian sa sintaks ay kinabibilangan ng pang-ukol. Ang isa sa mga dahilan kung bakit marami ang nahihirapan o nagkakamali sa paggamit ng mga pang-ukol ay kakulangan sa kaalaman ukol sa wastong paggamit nito dahil hindi ito nabibigyan ng pansin sa mga pagtuturo ng mga guro. Nabanggit din ni Tibagacay (2001) na ayon kay Eaton (1992) nagkakaroon ng kamalian sa paggamit ng pang-ukol dahil kadalasang ginagamit ito pagkatapos ng pandiwa.

Kamalian sa pagkakaayos ng mga salita. Ito ang may pinakamababang naitalang bilang ng kamalian sa sintaks. Mayroon lamang naitalang 56 (7.75%) na kamalian. Sa bahaging ito ng pagsusuri sa sintaks ay napansin na pinagsasama na mga kadete ang mga salitang dapat hilaway o kaya naman ay pinaghihiwalay nila ang dapat magsama.

Narito ang halimbawa ng mga pahayag na may kamalian sa pagkakaayos ng mga salita.

Paghihiwalay: Naa wa ang upperclass ko nang makita ako kaya pa lihim niya akong inabutan ng pagkain.

Pagwawasto: Naawa ang upperclass ko nang makita ako kaya palihim niya akong inabutan ng pagkain.

Paghihiwalay: Kahit panahon ng tag-ulan ^, patuloy pa rin ang buhay dito sa akademya (ngayon).

Pagwawasto: Kahit panahon ng tag-ulan ngayon, patuloy pa rin ang buhay dito sa akademya.

Pagsasama: Salamat po Diyos ko, isang araw nanaman ang lumipas sa buhay ko.

Pagwawasto: Salamat po Diyos ko, isang araw na naman ang lumipas sa buhay ko.

Pagsasama: Anuman ang magiging desisyon mo sa buhay, ikaw parin ang piloto ng sarili mong buhay.

Pagwawasto: Anuman ang magiging desisyon mo sa buhay, ikaw pa rin ang piloto ng sarili mong buhay.

Ipinapakita ng resultang mas marami ang kamalian sa pagsasama ng mga salita kaysa sa paghihiwalay at sa pagsasama ay karaniwan ang paggamit ng "nanaman" at "parin" sa halip na "na naman" at "pa rin". Ito

ay isang halimbawa ng overgeneralization sa kaisipan sa wikang Filipino na "kung ano ang bigkas ay siya rin ang baybay" .

Ang mga natalakay ay mga kamalian sa gramatika na ayon kay Savignon (1972) ay hindi natin maiiwasang bigyan-pansin dahil sa banggit ng mga istrukturalista na kailangan ang kakayahang panggramatika dahil ito ay isa sa mga pangunahing bumubuo sa pakikipagtalastasan. Maalalang binanggit ni Hufana (1982) na ang competence sa pangalawang wika ay ang kawalan o halos kawalan ng kamalian sa bararila, talasalitaan, kagalingan at kadalihan sa pagbigkas at pagbasa.

Ang Generative Transformational Linguistics ni Chomsky (1965) ay nagsusulong din ng kaisipang ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang sa pamamagitan ng "habit", "imitation", conditioning o stimulus-response" kundi ito ay malikhaing proseso. Ipinakilala niyang ang taglay na kaalaman sa wika ay nagbibigay sa kanya ng kakayahang bumuo ng mga pangungusap na katanggap-tanggap sa nagmamay-ari ng wika at ang kakayahang kumilala nang tama sa maling pangungusap (Hamada, 2001). Dahil sa pahayag na ito, marapat lamang na pagtuunan ng pansin ang kamalian ng mga mag-aaral sa bahaging gramatika.

### Kamalian sa Morpolohiya

Pangatlo ang morpolohiya sa ranggo ng mga kamalian sa gramatika sa pagsulat ng mga kadete ng kanilang talaarawan. Makikita



sa talahanayan 4 na mayroon lamang naitalang 508 (19.23%) na kamalian sa bahaging ito. Naitala dito ang mga kamalian sa pagbabanghay, kamalian sa gamit ng pokus, kamalian sa pananda at kamalian sa panlapi. Sa gamit ng pananda at panlapi ay sinuri ang maling gamit at paglalaktaw. Makikitang pinakamarami ang kamalian sa panlapi. Sa kabuuang bilang ng kamalian sa morpolohiya na 508 ay 204 (40.16%) ang nagawang kamalian sa panlapi na 153 (75.0%) sa maling gamit at 51 (25.0%) naman sa paglalaktaw. Pangalawa ang pagbabanghay na may bilang na 154 (30.31%). Pangatlo ang kamalian sa pokus na may bilang na 97 (19.09%). Pang-apat ang kamalian sa pananda na mayroon lamang naitalang 53 (10.43%) na sa ilalim nito'y 31 (58.49%) ang maling gamit samantalang 22 (41.51%) ang paglalaktaw.

Kamalian sa panlapi. Pinakamarami ang naitalang kamalian sa panlapi sa kamalian sa morpolohiya. Sa kabuuang 204 na kamalian sa panlapi ay 153 (75.0%) nito ay sa maling gamit at 51 (25.0%) ay sa paglalaktaw.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga naitalang kamalian sa panlapi.

Maling Gamit: First Aid ang itatalakay sa klase namin sa PE 131.

Pagwawasto: First Aid ang tatalakayin namin sa klase ng PE 131.

Maling Gamit: Igugugol ko na lang sa ibang bagay ang panahon.

Pagwawasto: Gugugulin ko na lang sa ibang bagay ang panahon.

Talahanayan 4. Kamalian ng mga kadete sa morpolohiya

Kamalian	Bilang	Bahagdan	Ranggo
1. Pagbabanghay	154	30.34	2
2. Gamit ng Pokus	97	19.09	3
3. Pananda	53	10.43	4
a. Maling Gamit	31	(58.49)	
b. Paglalaktaw	22	(41.51)	
4. Panlapi	204	40.16	1
a. Maling Gamit	153	(75.00)	
b. Paglalaktaw	51	(25.00)	
kabuuan	508	100.00	

Paglalaktaw: Nabigyan ako ng pagkakataong ^kasabay ang Alfa Company Staff sa hapunan.

Pagwawasto: Nabigyan ako ng pagkakataong makasabay ang Alfa Company Staff sa hapunan.

Paglalaktaw: Hindi ko napansin ang ^tulin na paglipas ng araw.

Pagwawasto: Hindi ko napansin ang matulin na paglipas ng araw.

Sa mga pahayag ng mga kadete ay hindi na isinasaalang-alang ang wastong paglalapi. Hangga't nagkakaintindihan sila ay sapat na iyon. Ito ang binabanggit ng mga sosyolinggwista na ang isang tao ay nagtataglay ng kakayahang umunawa ng isang pahayag batay sa konteksto. Sa mga kadete, nagkakaintindihan sila dahil pareho sila ng

lipunang ginagalawan at maging ng wikang ginagamit. Subalit hindi rin naman mabuting hindi na isaalang-alang ang lingwistikang bahagi ng wika. Ayon sa modelo ni Allwright, ang kakayahang komunikatibo at kakayahang linggwistika ay magkaugnay tungo sa ikatatamo ng mabisang komunikasyon. Hindi maaaring hindi papansinin ang kawastuan ng istruktura ng wika. Maging ang kawastuan ng pahayag ayon sa konteksto ay kailangang isaalang-alang din sa mabisang komunikasyon.

Kamalian sa Pagbabanghay. Ang kamalian sa pagbabanghay ang sumunod na pinakamaraming bilang ng kamalian sa morpolohiya. Sa kabuuang bilang na 508 kamalian sa morpolohiya ay 154 (30.34%) ang itinalang kamalian sa pagbabanghay.

Narito ang ilan sa mga kamalian sa pagbabanghay.

Maling Gamit: Katulad ng nakaraang araw ay gumigising ako ng 3:00 am para maghanda para sa buong araw.

Pagwawasto: Katulad ng nakaraang araw ay gumising ako ng 3:00 am para maghanda para sa buong araw.

Maling Gamit: Sa bawat pagpunta namin sa Mess Hall ay nasubukan namin ang aming katatagan.

Pagwawasto: Sa bawat pagpunta namin sa Mess Hall ay nasusubukan namin ang aming katatagan.

Maling Gamit: Palagi kaming namamalas sa Mess Hall.

- Pagwawasto: Palagi kaming minamalas sa Mess Hall.
- Maling Gamit: Dito ko maranasang natulog ng tigdadalawang oras sa gabi sa loob ng isang linggo.
- Pagwawasto: Dito ko naranasang natulog ng tigdadalawang oras sa gabi sa loob ng isang linggo.

Katulad din ng kamalian sa panlapi, ang kamalian sa pagbabanghay ng mga kadete ay hindi na inaalintana. Bagamat sa pag-aaral na ito ay pangalawa lamang sa ranggo ng kamaliang morpolohikal ang kamalian sa pagbabanghay, sa pag-aaral ni Tibagacay ay nagkamit ito ng unang ranggo sa kamaliang morpolohikal. Ipinapahiwatig nito na hindi bihasa ang mga kadete sa pagbabanghay ng pandiwa. Kahit hindi wasto ang panahunan basta't nagkakaintindihan sila ay sapat na.

Kamalian sa Gamit ng Pokus. Ang kamalian sa gamit ng pokus ay pangatlo sa ranggo ng mga kamalian sa morpolohiya. May naitalang 97 (19.09) na kamalian sa gamit ng pokus.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng kamalian sa gamit ng pokus.

- Maling Gamit: Inilabhan ko ang damit ng aking upperclass.
- Pagwawasto: Nilabhan ko ang damit ng aking upperclass.
- Maling gamit: Pinamalantsahan ko ang aking katilap.
- Pagwawasto: Ipinamalantsa ko ang aking katilap.
- Maling Gamit: Ang aking leksyon ay ipinag-aralan ko nang mabuti.

Pagwawasto: Ang aking leksyon ay pinag-aralan ko nang mabuti.

Maling Gamit: Katulad ng dati, mahirap magtanggap ang mga masasakit na salita ng mista.

Pagwawasto: Katulad ng dati, mahirap tanggapin ang mga masasakit na salita ng mga mista.

Bagama't 19.09% lang sa kabuuang bilang ng kamaliang morpolohikal ang kamalian sa gamit ng pokus, mapapansing hirap ang mga kadete sa pagkilala sa pokus ng pandiwa upang maging wasto ang gagamiting pandiwa. Subali't ayon nga kay Palazo (2003) sa kanya ring pag-aaral ng mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan, "huwag tingnan ang pagkakamali bilang kamalian dahil sa ang pagkakamali ay nagagawa sa relasyon ng tiyak na layunin. Iyon ay kung isang istruktura ng pagkakamali ay ayon sa ibang layunin ngunit tinatanggap pa rin basta hindi nakasasagabal sa konteksto at sitwasyon ng pakikipagtalastasan" (Nickel,1970). Sa sitwasyon ng mga kadete, ang mga kamaliang nabanggit ay maituturing na lokal na kamalian yamang hindi ito nakasasagabal sa pag-uunawaan ng mga kasangkot sa komunikasyon.

Kamalian sa Pananda. Ang kamalian sa pananda mayroon lamang naitalang 53 (10.43%) na bilang, 31 (58.49) dito ay sa maling gamit at 22 (41.51%) sa paglalakataw.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng kamalian sa pananda.

- Maling Gamit: Kasama ko sa baraks si Cdt Pajel at Cdt Bazar.
- Pagwawasto: Kasama ko sa baraks sina Cdt Pajel at Cdt Bazar.
- Maling Gamit: Mayroon akong gagawin para kay Cdt Tan at Cdt Go.
- Pagwawasto: Mayroon akong gagawin para kina Cdt Tan at Cdt Go.
- Paglalatwaw: Naiinis siya sa ^ mista naming mayayabang.
- Pagwawasto: Naiinis siya sa mga mista naming mayayabang.
- Maling Gamit: Isa sa aking hinihintay sa bawat araw ^ ang pagkakaroon ng klase.
- Pagwawasto: Isa sa aking hinihintay sa bawat araw ay ang pagkakaroon ng klase.

Ang mga nabanggit na kamalian ng mga kadete sa pananda ay nakita ng mananaliksik na kahawig ito sa natuklasan ni Palazo (2003) sa kanyang pag-aaral. Napansin at binanggit niya na ang karaniwang kamalian sa pananda ay ang paggamit ng maramihan nito na siya ring napatunayan ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Ganundin, kung minsan ay nakakalimutan ang panandang ay. Ipinaliwanag din niya na ito ay dahil nasanay na ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng pangungusap sa kabalikang ayos kaya't nalilimutan na ang paglalagay ng panandang ay.

Ang parehong resulta ng kamalian sa morpolohiya ay napansin din sa iba pang pag-aaral hinggil sa pagsusuri ng kamalian (error analysis).

Sa pananaliksik na ito ay nanguna sa ranggo ng kamalian sa

mopolohiya ang kamalian sa panlapi na sumasang-ayon sa resulta sa pag-aaral ni Palazo (2003).

Sa pag-aaral ni Tibagacay (2001), nanguna sa kamalian sa morpolohiya ang pagbabanghay at pinakahuli ang pokus ng pandiwa.

Sa pag-aaral ni Hamada (2001) ay natuklasan niyang ang mga kamalian sa morpolohiya ng kaniyang mga respondenteng mga kadete ay nanguna sa ranggo ang pagbabanghay, pangalawa ang pananda at pangatlo ang gamit ng pokus.

Hindi man pareho sa ranggo ang resulta ng pananaliksik na ito, hindi naman nalalayo sa naging resulta ng mga nabanggit na pag-aaral.

#### Kamalian sa Mekaniks

Sa pananaliksik na ito ay isinamang sinuri ang mekaniks sa pagsulat. Matutunghayan ang tala ukol dito sa talahanayan 5. Dito ay makikita ang kamalian ng mga kadete sa pagbabaybay at maling paggamit at paglalaktaw ng mga bantas. Sa kabuuang bilang ng kamalian ng mga kadete sa pagsulat na 2615 ay 267 (10.21%) lamang ang naitala sa mekaniks. Sa maling pagbabaybay ay may naitalang bilang na 83 (31.09%) at sa pagbabantas naman ay 184 (68.91%). Sa pagbabantas ay may naitalang 85 (46.20%) na maling gamit at 99 (53.80%) naman sa pagkakalatas o paglalaktaw.

Ilan sa mga kamalian sa mekaniks ay ang sumusunod:



## Talahanayan 5. Kamalian ng mga kadete sa mekaniks

Kamalian	Bilang	Bahagdan	Ranggo
1. Pagbabaybay	83	31.09	2
2. Pagbabantas	184	68.91	1
a. Maling Gamit	85	(46.20)	
b. Pagkakaltas	99	(53.80)	
Kabuuan	267	100.00	

Maling Baybay: Hindi ko masisise ang ilan sa aking mga mista kung naiisip na nilang umorong.

Pagwawasto: Hindi ko masisisi ang ilan sa aking mga mista kung naiisip na nilang umurong.

Maling Baybay: Hindi ko lubus maisip ang ginawa kung disisyon.

Pagwawasto: Hindi ko lubos maisip ang ginawa kong desisyon.

Pagbabantas

Maling Gamit: Simula ngayon ng pagpapatupad ng bagong patakaran ng PMA. Na sa hapon ay "study period".

Pagwawasto: Simula ngayon ng pagpapatupad ng bagong patakaran ng PMA na sa hapon ay "study period".

Maling Gamit: Sa tingin ko ay ikagaganda naman para sa kadete para magkaroon ng sapat na panahon sa pag-aaral.

- Pagwawasto: Sa tingin ko ay ikagaganda naman para sa kadete para magkaroon ng sapat na panahon sa pag-aaral.
- Pagkakaltas: Pinanood namin ang "Buhay Kadete"\_ipinakita dito ang magiging buhay namin bilang kadete.
- Pagwawasto: Pinanood namin ang "Buhay Kadete".\_Ipinakita dito ang magiging buhay namin bilang kadete.
- Pagkakaltas: Asar din ako sa araw na ito dahil pinagbawalan na kaming pumunta sa Post Commissary\_doon na nga lang kami nakakakain at nakakausap ang mga mahal sa buhay\_Sige dito na lamang ang maisusulat ko \_\_inaantok na talaga ako.
- Pagwawasto: Asar din ako sa araw na ito dahil pinabawalan na kaming pumunta sa Post Commissary. Doon na nga lang kami nakakakain at nakakausap ang mga mahal sa buhay. Sige dito na lamang ang maisusulat ko. Inaantok na talaga ako.

Ang parehong kamalian sa mekaniks ay natuklasan din ng mga naunang pag-aaral ukol sa pagsusuri sa kamalian.

Sinabi ni Abarca (1985) sa kanyang “Errors in the Formal Themes of the First Year Secondary Trade School Students of the Isabela School of Arts and Trades” na malala ang kamalian sa pagbabaybay dahil sa

impluwensya ng diyalektong ginagamit sa pakikipagtalastasan, hindi lang kamalian sa kayarian ng pangungusap, kamalian sa gramatika kundi maging paggamit ng tamang bantas.

Natuklasan ni Montera (1989) sa kanyang pananaliksik na "The Common Errors in Formal Theme Writing in English, Cantella Carrascal District, Division of Surigao Del Sur" na malala ang kamalian sa paggamit ng panghalip, pagdadaglat at wastong gamit ng mga salita sa pagbuo ng komposisyon.

Sa pag-aaral ni Lubrica (1978) natuklasan niyang ang mga kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ay sa pagsasangkap, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita, wastong anyo ng pandiwa at sa pag-aaangkop (na, ng, g).

Para kay Streven (1978), ang pagkakaroon ng kamalian ay normal at di-maiiwasang aspeto ng pagkatuto. Para sa kanya ang kamalian ay dapat tingnan bilang patunay na may nagaganap na pagkatuto at hindi isang pagkukulang sa panig ng mga mag-aaral. Kailangang matutunang tanggapin ng mga guro na ang kamalian sa paggamit ng pangalawang wika ay natural at likas sa pagkatututo ng wikang ito.

Iminungkahi ni Lange (1977) na gawin ang pagwawasto ng kamalian paminsan-minsan. Gawin lamang ito sa pagkakataong bibigyan na ng ulat ang mag-aaral gaano na kalawak ang natutunan at gaano pa

kadami ang dapat matutunan. Gayundin, hindi makabubuting hahayaan na lamang ang mga kamaliang ito dahil kung hindi ito maiwawasto ay mananatiling kamalian ito sa paggamit ng pangalawang wika.

Ipinapahayag sa bahaging ito na kailangang ingatan ng mga kadete ang kanilang pagbabaybay at pagbabantas upang maiwasang ang ganitong kamalian. Bagamat maituturing na maliit na bagay ito subalit nananatili pa ring kamalian ang mga ito sa pagsulat kung hindi maiwasto.

#### Lagom ng Kamalian

Sa Talahanayan 6 ay makikita ang lagom ng pagkakamaling nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan. Mauunawan sa talahanayan na may apat na uri ng kamalian na sinuri sa pag-aaral na ito. Ito ay ang kamalian sa morpolohiya, kamalian sa leksikon, kamalian sa sintaks at kamalian sa mekaniks. Ang kabuuang bilang ng naitalang kamalian ay 2615. Nanguna sa dami ng kamalian ang kamalian sa leksikon na may kabuuang bilang na 1117 ( 42.72%). Sumunod sa dami ang kamalian sa sintaks na may kabuuang bilang na 723 (27.64%). Pangatlo sa ranggo ng kamalian sa pagsulat ng mga kadete ay ang morpolohiya na may kabuuang bilang na 508 (19.43%). Panghuli sa ranggo ng kamalian ay ang kamalian sa mekaniks na may kabuuang bilang ng kamalian na 267 (10.21%). Ang mga nakapaloob sa panaklong ay bahagdan ng mga kamalian sa kabuuang bilang ng lahat ng kamalian.

Talahanayan 6. Lagom ng mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan

Kamalian	Bilang	Bahagdan	Ranggo
1. Morpolohiya	508	19.43	3
2. Leksikon	1117	42.72	1
3. Sintaks	723	27.64	2
4. Mekaniks	267	10.21	4
Kabuuan	2615	100.00	

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay sumasang-ayon sa binanggit ni Hendrickson (1980) na ang karaniwang kamalian sa pagsusuri ng kamalian sa gramatika ay nangunguna ang kamalian sa leksikon, pangalawa ang kamalian sa sintaks at pangatlo ang kamalian sa morpolohiya. Ganoon din ang kinalabasan ng pag-aaral ni Palazo (2003). Una sa ranggo ang kamalian sa leksikon, pangalawa sa ranggo ang kamalian sa sintaks at pangatlo sa ranggo ang kamalian sa morpolohiya. Maging ang resulta ng pag-aaral ni Epistola (2001) ay nanguna rin ang kamalian sa leksikon, sumunod ang kamalian sa sintaks at panghuli ang kamalian sa morpolohiya. Sa isinagawang pag-aaral ni Tibagacay (2001) ay may kaibahan lang sa una at pangalawang ranggo dahil nanguna sa pag-aaral niya ang kamalian sa sintaks, sumunod ang kamalian sa leksikon. Subalit kagaya rin ng resulta ng pagnanaliksik na ito at mga

pag-aaral nina Palazo (2003), Hamada (2001) at Epistola (2001) ay pangatlo sa ranggo ang kamalian sa morpolohiya. Batay sa mga nabanggit na resulta ng pag-aaral ng kamalian mahihinuha parepareho ang kamaliang nagagawa ng mga mag-aaral sa paggamit ng isang pangalawang wika.

#### Ang Pinagmulan ng mga Kamaliang Nagawa ng mga Kadete sa Pagsulat ng Talaarawan

Ang bahaging ito ay tumutugon sa pangatlong layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang pinagmulan ng kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan. Layunin ng pag-aaral na ito na maipakita ang mga kamaliang nagagawa sa pagsulat dulot ng mga intralingual na pinagmulan ng kamalian. Ang intralingual na pinagmulan ng kamalian ni Richards (1974) ang ginamit na modelo sa pag-aaral na ito. Ito ay ang labis na paglalahat, kasalatan sa kaalaman sa tuntunin, di lubos na paggamit ng tuntunin at kamalian sa pagpapakahulugan na saklaw ang paghihinuha ng maling konsepto. Naging batayan ang pag-aaral ni Tibagacay (2001) sa bahaging ito.

Makikita sa talahanayan 7 ang lagom ng naitalang pinagmulan ng kamalian ng mga kadete. Makikita dito na nanguna sa pinagmulan ng kamalian ang labis na paglalahat na umabot ng bilang na 875 (47.22%). Pangalawa ang kasalatan sa kaalaman ng tuntunin na may 382 (20.62%).

## Talahanayan 7. Pinagmulan ng mga kamalian sa pagsulat ng talaarawan

Pinagmulan ng Kamalian	Bilang	Bahagdan	Ranggo
1. Labis na Paglalahat	875	47.22	1
2. Kasalatan ng Kaalaman sa Tuntunin	382	20.62	2
3. Di Lubos na Paggamit sa Tuntunin	324	17.48	3
4. Paghihinuha ng Maling Konsepto	272	14.68	4
Kabuuan	1853	100.00	

Pangatlo ang di lubos na paggamit ng tuntunin na may naitalang 324 (17.48%) at panghuli ang paghihinuha ng maling konsepto na umabot ng bilang na 272 (14.68%).

Labis na Paglalahat. Nanguna sa dami ng pinagmulan ng kamalian ang labis na paglalahat. May naitalang 875 (47.22%) na kamaliang dulot ng labis na paglalahat.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng mga pahayag na ito.

Maling pahayag: Nagsitakbo na si Cdt Hiblawan at Cdt Martinez.

Pagwawasto: Nagsitakbo na sina Cdt Hiblawan at Cdt Martinez.

Maling pahayag: Mabibilis ang pagtakbo ng manlalaro ng bawat koponan.

Pagwawasto: Mabibilis ang pagtakbo ng mga manlalaro ng bawat koponan.



Maling pahayag: Pinagsesesehan ko ang aking nagawang desesyon.

Pagwawasto: Pinagsisisihan ko ang aking nagawang desisyon.

Maling pahayag: Lagi nalang ako ang tinatawag ng aking upperclass.

Pagwawasto: Lagi na lang ako ang tinatawag ng aking upperclass.

Ang labis na paglalahat ang pinakamaraming bilang ng pinagmulan ng kamalian dahil sinisikap ng mga mag-aaral na gawing simple ang wikang kanilang pinag-aaralan. Dahil dito, ang mga pahayag na nabubuo ay taliwas sa istruktura ng wikang pinag-aaralan o pangalawang wika. Halimbawa dito ay ang maling gamit ng mga pananda, kamalian sa mekaniks (pagbabaybay), kamalian sa pakakaayos ng mga salita na nakita sa mga halimbawang naitala.

Kasalatan ng Kaalaman sa Tuntunin. Pangalawa ito sa malimit na pagmulan ng kamalian ng mga kadete sa pagsulat. May naitalang 382 (20.62%) kamaliang dulot nito. Sa bahaging ito ay nagkakamali ang nag-aaral ng wika dahil sa hindi ganap na batid ang tuntunin sa pinag-aaralang wika. Ang mga halimbawa nito'y ang maling paggamit ng mga pang-ukol, pangatnig, pantukoy at lalo na ng pang-angkop.

Ang sumusunod ay ilan sa mga halimbawa ng mga pahayag na may kamalian dulot ng kasalatan ng kaalaman sa tuntunin.

Maling pahayag: Malayu na malayo ang aming tinakbo nuong Sabado.

Pagwawasto: Malayung malayo ang aming tinakbo nuong Sabado.

Maling pahayag: Inalis nila Cdt Lobo at Cdt Lila ang kanilang kapote.

Pagwawasto: Inalis nina Cdt Lobo at Cdt Lila ang kanilang kapote.

Maling pahayag: Ang leksyon namin sa History ay para sa kultura.

Pagwawasto: Ang leksyon namin sa History ay ukol sa kultura.

Maling pahayag: Inaantok ako talaga at hindi ko lubos na naintindihan ang leksyon.

Pagwawasto: Inaantok ako talaga kaya hindi ko lubos na naintindihan ang leksyon.

Katulad ng nabanaggit, napansin ng mananaliksik na hindi batid ng mga respondente kung anong angkop na pangatnig ang gagamitin sa pangungusap kung ang sumusunod na pahayag ay pasubali o dagdag na kaisipan o iba pang kauri nito. Maging sa paggamit ng pang-angkop ay nagkakamali dahil hindi batid kung kailan gagamitin ang pang-angkop na "ng" o "g" kaya't ang pang-angkop na "na" ang kadalasang ginagamit. Ganoon din sa pang-ukol ay nagkakakaroon ng kamalian dahil sa kasalatan ng kabatiran kung ano ang dapat gamitin sa pangungusap. Halimbawa ay pinagpapalit ang "para sa", "ukol sa", dahil sa". Maging ang pantukoy na "nina" at "nila", "si" at "sina" ay pinapagpapalit ng gamit sa pangungusap dahil hindi alam kung ano ang angkop na gamitin.

Di Lubos na Paggamit ng Tuntunin. Pangatlo ito sa ranggo na umabot sa bilang na 324 (17.49 %) lamang. Dito ay hindi ganap na

naisasagawa o nailalapat ang mga tuntuning pangwika kaya nagkakaroon ng kamalian sa paggamit ng pangalawang wika. Halimbawa nito'y mga kamalian sa morpolohiya katulad ng maling pagbabanghay, maling gamit ng pokus, at maling paglalapi.

Makikita sa mga halimbawang naitala ang kamaliang dulot ng di lubos na paggamit ng tuntunin.

Maling pahayag: Nakakapagod ang araw na ito dahil maraming aktibidades ang ginaganap.

Pagwawasto: Nakakapagod ang araw na ito dahil maraming aktibidades ang ginanap.

Maling pahayag: Ika nga nila " pagsimulan mo nang tama, magtatapos nang tama".

Pagwawasto: Ika nga nila " kapag sinimulan mo nang tama, magtatapos nang tama".

Maling pahayag: Kinagalitan ng squad leader namin kami dahil hindi kami tumupad sa usapan.

Pagwawasto: Pinagalitan kami ng aming squad leader dahil hindi kami tumupad sa usapan.

Maling pahayag: Sana sa susunod ay makakuha ako ng mataas na marka para mapasama sa mga umaakyat sa entablado at sabitan ng pin.

Pagwawasto: Sana sa susunod ay makakuha ako ng mataas na marka para mapasama sa mga aakyat sa entablado na sasabitan ng pin.

Mahihinuha natin mula sa mga halimbawang nailahad na hindi ginagamit ng mga kadete ang tuntunin sa panahunan ng pandiwa kaya't nagkakamali sila sa pagbabanghay. Maging sa kung ano ang pokus ng pandiwa at maging sa wastong paglalapi ay hindi rin nila binibigyan ng pansin kaya't nagkakaroon ng kamalian tulad ng mga nabanggit.

Paghihinuha ng Maling Konsepto. Panghuli ito sa apat na pinagmulan ng kamalian. May naitalang bilang na 272 (14.68%) kamalian dahil sa paghihinuha ng maling konsepto. Ito'y kamalian dulot ng maling pagkaunawa sa tuntunin ng wika. Kabilang sa mga halimbawa dito ay ang mga paglalaktaw ng panandang "ay" at maging ng iba pang sinasadyang paglalaktaw.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga kamalian dulot nito.

Maling pahayag: Magigising ako ng maaga bukas upang tapusin ang takdang-aralin.

Pagwawasto: Magigising ako nang maaga bukas upang tapusin ang takdang-aralin.

Maling pahayag: Ganyan pala ang maging kadete ng PMA.

Pagwawasto: Ganito pala ang maging kadete ng PMA.

Maling pahayag: Kung minsan ^ hindi talaga maiiwasan ang mawalan ng pag-asa.

Pagwawasto: Kung minsan ay hindi talaga maiiwasan ang mawalan ng pag-asa.

Maling pahayag: Salamat at araw na ng linggo, araw na ng pagsamba.

Pagwawasto: Salamat at araw na ng Linggo, araw na ng pagsamba.

Napansin ng mananaliksik na marami sa mga respondente ang hindi batid ang gamit "ng" at "nang". Malaya nila itong pinagpapalit dahil para sa kanila ay pareho ang kahulugan ng dalawang katagang ito. Maging ang "Linggo" na uanang araw at ang "linggo" na tumutukoy sa kanuuan ng pitong araw ay pareho lamang sa mga respondente. Ang "ay" ay lagi ring nalalaktawan sa mga pahayag ng mga kadete. Sa bahaging ito, ipinaliwanag ni Palazo (2003) na ito'y dahil sanay tayo sa karaniwang ayos g pangungusap na walang "ay". Maaaring maliit na bagay ito sa paningin ng ilan, subalit maituturing pa rin itong kamalian na dapat iwasto upang hindi manatiling kamalian.

Ang naitalang kabuuang bilang ng kamalian ng mga kadete sa pagsulat ay 2,615. Sa kabuuang bilang na nabanggit, nasuri ng mananaliksik na 1853 sa mga kamaliang ito ay dulot ng mga intralingual na pinagmulan ng kamalian. Ito ay 70.86% ng kamalian ay dulot ng intralingual na pinagmulan ng kamalian. Ang nalalabing 29.14% ay dulot

ng iba pang pagmulan ng kamalian liban sa intralingual.

May tatlong pangunahing kategorya ng pinagmulan ng kamalian ng wika ayon kay James (1988). Ang mga ito ay ang “interlingual”, “intralingual” at “induced errors”. Ipinaliwanag niyang ang intralingual na pinagmulan ng kamalian ay hinati niya sa dalawang kategorya: ang mga pagkakamali habang pinag-aaralan ang wika (learning strategy-based errors) at mga pagkakamali sa komunikasyon (communication strategy-based errors). Sa learning strategy-based errors kasama ang maling paghahambing, maling pagsusuri, hindi ganap na pagsunod ng tuntunin, pag-uulit, hindi pagpansin sa mga limitasyon ng tuntunin, labis na pagwawasto at labis na paghihinuha. Ang communication strategy-based errors naman ay sumasaklaw sa mga kamalian sa pangkalahatang istratehiya (holistic strategy), pagtataya, kamalian sa analitik na istratehiya at maligoy na pagpapahayag.

Sa “interlingual” naman ay ipinaliwanag niyang nagkakaroon ng pagkabalang sa pag-aaral kapag ang isang aytem o istruktura ng pangalawang wika ay may pagkakaiba at pagkakahawig sa aytem o istruktura ng unang wika ng mag-aaral. Dahil dito, nagkakaroon ng pagkalito ang mag-aaral.

Sa “Induced Errors” ang mga pagkakamali ay bunga ng mga iba pang salik na hindi kasama sa nabanggit na dalawa katulad ng klasrum.

Kasama sa uring ito ang mga pagkakamaling dulot ng mga kagamitan (material induced errors), mga pagsasanay (exercise-based errors), pananalita ng guro (teacher-talk induced errors), pamamaraan ng pagtuturo (errors induced by pedagogical priorities) at iba pang maaaring sanhi ng pagkakamali na wala sa nabanggit (look-up errors).

Kung pagbabatayan lamang ang mga nabanggit ni James (1988) na pinagmulan ng kamalian, at batay sa nasuri ng mananaliksik na 70.86% ng mga kamalian ay sanhi ng intralingual na pinagmumulan ng kamalian, ang 24.19% ay dulot ng interlingual at induced errors na pinagmulan ng kamalian.

Epekto ng mga Salik sa mga Kamaliang Nagawa  
ng mga Kadete sa Pagsulat ng Talaarawan.

Ang pangatlong layunin ng pananaliksik na ito ay upang masuri ang epekto ng mga sumusunod na salik sa kinalabasan ng pananaliksik na ito ukol sa kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan:

- a. kasarian
- b. unang wika
- c. paaralang pinagtapusan ng hayskul
- d. antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA

Epekto ng Kasarian sa Kamaliang sa Pagsulat. Sa Talahanayan 8 ay makikita ang buod ng resulta ng kamalian ng mga kadeteng babae at

Talahanayan 8. Epekto ng kasarian sa kamalian sa pagsulat

Kamalian	Babae	Ranggo	Lalaki	Ranggo
1. Morpolohiya	6	3	14	4
2. Leksikon	12	1	80	1
3. Sintaks	8	2	29	3
4. Mekaniks	4	4	45	2
Kabuuang Bilang	30		168	Total: 198

$$X^2 c=6.77 \quad ns\text{-not significant} \quad X^2_{c0.05} = 7.815 \quad df = 3$$

at kadeteng lalaki. Sa mga babae, nanguna ang kamalian sa leksikon, pangalawa ang kamalian sa sintaks, pangatlo ang kamalian sa morpolohiya at pang-apat ang kamalian sa mekaniks. Sa mga kalalakihan naman ay pareho ring nanguna sa ranggo ang kamalian sa leksikon, pangalawa ang kamalian sa mekaniks, pangatlo ang kamalian sa sintaks at pang-apat naman ang kamalian sa morpolohiya.

Sa kabuuan ay makikita na ang computed value na 6.77 ay mas mababa kaysa sa tabular value na 7.815 sa .05 level of significance at sa degrees of freedom na 3. Ito ay nangangahulugang hindi tinatanggap ang haypotesis na may epekto ang kasarian sa kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan. Kung ganoon walang epekto ang kasarian sa kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

Sumasang-ayon ang resulta ng pananaliksik na ito sa naging



resulta ng pag-aaral ni Palazo (2003) na walang epekto ang kasarian sa kamalian ng kanyang mga respondente. Maging sa pag-aaral ni Lunes (1999) ay lumalabas din na walang epekto ang kasarian sa mga kamalian ng mga respondente. Taliwas naman sa natuklasan nina Lopez (1987) at Milan (1991) na binanggit ni Palazo (2001) na may epekto ang kasarian sa kamalian ng mga mag-aaral.

Epekto ng Unang Wika sa Kamalian sa Pagsulat. Ang pangalawang salik sa pananaliksik na ito ay ang unang wika ng mga kadete. Sa salik na ito ay isinama ng mananaliksik ang walong pangunahing wika sa Pilipinas yamag ang mga respondente ay nanggaling sa buong kapuluang Pilipinas. Ang iba pang wikain liban sa walong wika ay pinag- isa sa pangkat ng "iba pa".

Makikita sa talahanayan 9 ang buod ng isinagawang pagsusuri ukol sa epekto ng unang wika sa kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan. Ang anim na kadete na nasasalita ng wikang Bicol ay naitalang nanguna sa pagkakamali sa leksikon at mekaniks. Ang limang respondente ay sa leksikon nagkaroon ng madalas na pagkakamali at mayroon lamang isang nanguna sa kamalian sa mekaniks. Ang 44 na mga kadete naman na nagsasalita ng Bisaya ay sa leksikon din ang nangunang kamalian nila. Sumunod ang sintaks, pangatlo ang morpolohiya at pang-apat din ang kamalian sa mekaniks.

Talahanayan 9. Epekto ng unang wika sa kamalian sa pagsulat

Kamalian	Bicol	Bisaya	Hiligaynon	Ilocano	Pampangueno
Morpholohiya	0	5(11.36%)	5(38.46%)	3(07.69%)	0
Leksikon	5(83.33%)	27(61.36%)	6(46.15%)	20(51.28%)	1(50.00%)
Sintaks	1(16.67%)	8(18.18%)	2(15.38%)	9(23.08%)	1(50.00%)
Mekaniks	0	4(09.09%)	0	7(17.95%)	0
Kabuuan	6	44	13	39	2

Kamalian	Pangasinensi	Tagalog	Waray	Iba pa
Morpholohiya	0	7(10.61%)	2(40.00%)	6(28.57%)
Leksikon	1(50.00%)	26(39.39%)	3(60.00%)	11(52.38%)
Sintaks	1(50.00%)	20(30.30%)	0	4 (19.05%)
Mekaniks	0	13(19.70%)	0	0
Kabuuan	2	66	5	21

$$X^2_{c,0.05} = 36.415 \quad \text{ns- not significant} \quad X^2_c = 35.72 \quad \text{df } 24$$

Ang labintatlong kadeteng ang unang wika ay Hiligaynon ay nagkaroon ng kamalian una, sa leksikon, pangalawa sa morpolohiya at pangatlo sa sintaks. Ang mga kadeteng Ilokano na pangatlo sa dami ng bilang ng respondente ay nanguna rin sa kanilang ranggo ang kamalian sa leksikon, pangalawa sa sintaks, pangatlo sa mekaniks at pinakakaunti ang sa morpolohiya. Ang tigdadalawang Pampangueno at Pangasinensi ay

nasuri ng mananaliksik na parehong nagkaroon ng kamalian sa leksikon at sa sintaks lamang. Ang Tagalog na may pinakamaraming bilang na 66 na kadete ay sa leksikon ang pinakamaraming kamalian, sumunod ang sintaks na hindi nalalayo ang bilang sa kamalian sa leksikon, pangatlo ang mekaniks at pang-apat lamang ang morpolohiya. Ang limang Waray ay nagkaroon naman ng kamalian sa leksikon at sa sintaks lamang. Ang panghuling pangkat ng mga kadete na may 21 na kabuuang bilang ay ang pinagsamasamang wika at nanguna ang kanilang kamalian sa leksikon, pumangalawa ang morpolohiya, pangatlo ang sintaks. Walang naitalang nanguna sa kamalian sa mekaniks sa pangkat ng mga kadeteng ito.

Kung ang kamalian naman ang pag-uusapan, sa morpolohiya ay nanguna sa kamalian ang Waray na may 40.0%, pumangalawa ang Hiligaynon na may 38.46% at pangatlo ang pangkat ng pinagsamasamang wika na may 28.57% sa kabuuang bilang ng kamalian sa morpolohiya. Sa leksikon naman ay pinangunahan ng mga Bicol na umabot sa 83.33%, sumunod ang Bisaya na may 61.36% at pangatlo ang Waray na may 60.0% sa kabuuang bilang ng kamalian sa leksikon. Sa sintaks ay Tagalog ang nanguna sa dami ng kamalian na umabot ng 30.30%, sumunod ang Ilocano na may 23.08% at pangatlo ang pinagsama-samang wika na umabot ng 19.05% sa kabuuang bilang ng kamalian sa sintaks. Sa bahaging mekaniks ay nanguna ang Tagalog na

may 19.7%, sumunod ang Ilocano na mayroon ding 17.95% at pangatlo ang Bisaya na may 9.09% sa kabuuang bilang ng kamalian sa mekaniks. Mapapansing hindi na isinama sa ranggo ang Pampanggueno at Pangasinensi dahil tigdadalawa lang mga ito kaya ang isa ay 50.0% na.

Sa kabuuan, batay sa istatistikang pagsusuri ng epekto ng unang wika sa mga kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan, ang computed value ng mga kamalian ng mga kadete kaugnay ng kanilang unang wika ay  $X^2_c$  35.72. Ang tabular value naman nito ay sa 24 degrees of freedom ay  $X^2_{c0.05}$  36.415. Mapapansing mas mababa ang computed value  $X^2_c$  35.72 kaysa sa tabular value  $X^2_{c0.05}$  36.415 kaya't hindi tinatanggap ang haypotesis na may epekto ang unang wika sa kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan. Nangangahulugang walang epekto ang unang wika ng mga kadete sa kamaliang nagawa nila sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito na walang epekto ng ang unang wika sa kamalian sa wika ay hindi umaayon sa tinuran nina Santiago (1985) at Tacorda (1989).

Sa “Linggwistika at Panitikan” ni Santiago (1985) ang uri ng wika ay nakaaapekto sa pagkakaiba ng mga mag-aaral lalo na sa pagkatuto, gayundin ang lahing kinabibilangan ay maituturing na salik ng pagkakaiba-iba dahil ang bawat wika ay may sariling istruktura.

Sa pag-aaral ni Tacorda (1989) “Mga Karaniwang Kamalian sa Kathang Pagsulat ng mga Piling Mag-aaral sa Filipino 1 sa Pamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes”, natagpuan niyang ang wika o dayalekto ay hadlang sa mahusay na pagsulat. Malaki ang impluwensiya ng unang wika sa maraming kamalian sa pagsulat.

Gayunpaman, umaayon naman ito sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina Palazo (2003), Tibagacay (2001) at Lubrica (1986) na ang unang wika ng mga respondente ay walang epekto sa kamaliang nagagagawa sa pagsulat.

Hindi lahat ng kamalian sa wika ay maiiugnay sa unang wika dahil mayroon pang ibang pinagmulan ng kamalian maliban sa unang wika.

Mula pa rin sa aklat ni Abisamra (2003), nagpahayag si James (1998) ng tatlong pangunahing kategorya ng pinagmumulan ng kamalian ng wika. Ang mga ito ay ang “interlingual”, “intralingual” at “induced errors”. Ang “intralingual at induced error” ay walang kinalaman sa unang wika ng mag-aaral ng pangalawang wika.

May pag-uuri rin si Brown (1987) sa mga pinagmulan ng kamalian. Ito ang transfer of interlanguage o impluwensiya ng unang wika, interlingual transfer o impluwensiya ng pinag-aaralang wika, at konteksto ng pag-aaral na nangangahulugang lugar at iba pang salik tulad ng tulad silid-aralan at ang presensya ng guro.

Sa mga kadeteng naging respondente ng pananaliksik na ito, maaaring ang konteksto o kaya ang lipunang ginagalawan ng mga kadete ang higit na nakaapekto sa kanilang kamalian. Lalo na at sa kanilang pangkat ay may tinatawag silang cadet lingo na tunay ngang pinakagamitin sa kanilang lipunan at maging sa kanilang pakikipagtalastasan sa mga hindi kadete ay nadadala nila. Maging sa mga pormal na uri ng pakikipagtalastasan, pasulat man o pasalita ay hindi nila maiiwasang gamitin ang kanilang sariling cadet lingo.

Epekto ng Paaralang Pinagtapusan ng Hayskul. Ang paaralang pinagtapusan ng hayskul ay isa rin sa salik ng pag-aaral na ito. Mapapansin sa talahanayan 10 ang buod ng ginawang istatistikang pagsusuri ukol sa epekto ng paaralang pinagtapusan ng mga kadete sa kamalian sa pasulat. Sa nasabing talahanayan ay makikita na sa 75 na mag-aaral na nagtapos sa hayskul mula sa pribadong paaralan ay pinakamadalas magkaroon ng kamalian sa leksikon ang 48.0% sa mga ito. Pumangalawa sa nagagawa nilang kamalian ay sa sintaks at mekaniks na parehong tig - 20.0%. Pinakaunti naman ang bilang ng nagkaroon ng kamalian sa morpolohiya na 12.0%. Mapapansing pareho rin ang kinalabasan sa mga kadeteng nagtapos sa publikong paaralan. Pinakamataas sa bahagdan ng kamalian ay sa leksikon na may 55.28%. Sumunod ang kamalian sa sintaks na may 18.70%. Pangatlo ang sa

Talahanayan 10. Epekto ng paaralang pinagtapusan sa kamalian sa pagsulat ng talaarawan

Kamalian	Pribadong Paaralan	%	Ranggo	Publikong Paaralan	%	Ranggo
Morpolohiya	9	12.0	4	19	15.45	3
Leksikon	36	48.0	1	68	55.28	1
Sintaks	15	20.0	2.5	23	18.70	2
Mekaniks	15	20.0	2.5	13	10.57	4
Kabuuan	75			123		=198

$X^2_c=3.84$  ns-not significant  $X^2_{c0.05}=7.815$  df=3

mekaniks na may 10.57% at pang-apat ang kamalian sa morpolohiya na 5.45% lamang. Mapapansin din natin na bagamat pareho ang kadalasang nagagawang kamalian ng mga kadete, makikita natin sa talahanayan na sa panig ng morpolohiya mas malaki ang bahagdan ng mga kamalian ng mga nagtapos sa pribado (12.0%) kumpara sa mga nagtapos sa publikong paaralan (5.45%). Sa kamaliang leksikon, mas marami namang nakagagawa ng kamalian sa kadeteng nagtapos sa publikong paaralan (55.28%) kaysa sa nagtapos sa pribadong paaralan (48.0%). Sa kamalian sa sintaks, mas maraming kamalian ang nagagawa ng mga nagtapos sa pribadong paaralan (20.0%) kaysa sa mga nagtapos sa publikong paaralan (18.70%). At sa mekaniks naman, mas marami ang kamalian ng mga nagtapos sa pribadong paaralan (20.0%) kaysa sa

mga nagtapos sa publikong paaralan (10.57%).

Sa pagsusuring istatistika sa epekto ng uri ng paaralang pinagtapusan ng kadete ng hayskul sa kamaliang nagagawa sa pagsulat ay mapapansing mas mababa ang computed value kaysa sa tabular value. Ang computed value ay  $X^2$  3.84 samantalang ang tabular value ay  $X^2_{0.05}$  7.815. Dahil dito, hindi tinatanggap ang haypotesis na may epekto ang uri ng paaralang pinagtapusan ng hayskul ng mga kadete. Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, ang paaralang pinagtapusan ng mga kadete ay hindi nakakaapekto sa kamaliang nagawa sa pagsulat ng nila ng kanilang talaarawan.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay umaayon sa mga binabanggit ng mga sumusunod na pag-aaral.

Sa pag-aaral ni Antonio (2000) sa kanyang “Pagsusuri ng Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Tabuk, Saint Louis College of Bulanao” ay natuklasan niyang walang makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat pribado man o publikong paaralan ang pinagtapusan.

Si Hamada (2001) naman ay napag-alaman niya sa kanyang pag-aaral na ang uri ng paaralang pinagtapusan ng mga kadete ay hindi nakaapekto sa nagawa nilang kamalian sa pagsulat.



Natuklasan naman ni Bautista (1995) sa kanyang “Motivations and English Proficiency Level of Student Teaching Training Institutions In Cordillera Administrative Region” na hindi nakaapekto ang paaralang pinagtapusan ng mga mag-aaral sa kanilang kamaliang morpolohikal, subalit nakaapekto ito sa kanilang kamaliang sintaks.

Subalit sa pag-aaral ni Milan (1992) sa kanyang “Competence in English Grammar of the First Year Students of the Mt. Province General Comprehensive High School” ang uri ng paaralang pinagtapusan ng mga mag-aaral ay nakaapekto sa antas ng kanilang kakayahan sa mga asignatura. Sa pag-aaral niya ay mas mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na nagtapos sa pribadong paaralan kaysa sa mga mag-aaral na nagtapos sa publikong paaralan.

Ganoon din, iniulat ni Corpuz (1987) sa kanyang “A communication Needs Profile of Pre-Service Teacher Education Students of the University of Baguio” na ang paaralang pinagtapusan ng mga mag-aaral ay nakaapekto sa kakayahang komunikatibo ng kanyang mga respondente.

Maging sa pag-aaral ni Lunes (1999) “Performance in Two-Word Verbs of Freshman College Students of the University of Baguio” ay naglahad na ang paaralang pinagtapusan ng kanyang mga respondente ay may kaugnayan sa antas ng pagganap. Natuklasan niyang pinakamataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral na nagtapos sa

paaralang pribadong non-sectarian sumunod ang pribadong sectarian at pangatlo ang publikong paaralan.

Ipinahayag din ni Taguba (1987) sa kanyang “An Evaluation of the Written Compositions of Fourth Year High School Students as Elicited through Non-Verbal Stimuli” na ang mga mag-aaral na nagtapos sa pribado at mga mag-aaral na nagtapos sa publiko ay magkaiba ng pagpapahayag pangkomunikatibo sa kanilang pagsulat.

Epekto ng Antas ng Edukasyon sa Kamalian Pagsulat. Sa pananaliksik na ito ay pang-apat ang salik na antas ng edukasyon ng mga kadete bago pumasok sa PMA.

Sa talahanayan 11 ay makikita ang buod ng pagsusuri ukol sa epekto ng antas ng edukasyon sa kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng kamalian. Makikita dito na ang mga katatapos pa lamang ng hayskul ay may malaking kamalian sa leksikon (58.82%). Pumangalawa ang morpolohiya (29.41 %) at pareho ang ranggo ng sintaks at mekaniks (5.88%) Sa mga nakaabot naman ng unang taon ng kolehyo, nanguna ang kamalian sa leksikon (53.75%). Di na nagkakalayo sa bahagdan ang morpolohiya (19.40%), mekaniks (14.92%) at sintaks (11.94%). Sa mga nasa Ikalawang taon ng kolehyo, nanguna ang kamalian sa leksikon (54.54%), sumunod ang sa mekaniks (23.64%) at pareho sa ranggo ang kamalian sa morpolohiya at sintaks (10.9%). Sa mga nasa Ikatlong taon

Talahanayan 11 Epekto ng antas ng edukasyon sa kamalian sa pagsulat

Kamalian	Bilang ng mga Kadeteng Nakagawa ng Kamalian								
	Katapos ng Hayskul	% Ranggo		1 <sup>st</sup> Taon Kolehyo	% Ranggo		2nd Taon Kolehyo	% Ranggo	
Morpholohiya	5	29.41	2	13	19.40	2	6	10.9	3.5
Leksikon	10	58.82	1	36	53.73	1	30	54.54	1
Sintaks	1	5.88	3.5	8	11.94	3	6	10.9	3.5
Mekaniks	1	5.88	3.5	10	14.92	4	13	23.64	2
Kabuuan	17			67			55		

Kamalian	Bilang ng mga Kadeteng Nakagawa ng Kamalian								
	3 <sup>rd</sup> Taon Kolehyo	% Ranggo		4th Taon Kolehyo	% Ranggo		5th Taon Kolehyo	% Ranggo	
Morpholohiya	4	14.81	3	3	18.75	3	4	25.0	2
Leksikon	11	40.74	1	7	43.75	1	9	56.25	1
Sintaks	9	33.33	2	2	12.5	4	1	6.25	4
Mekaniks	3	11.11	4	4	25.0	2	2	12.5	3
Kabuuan	27			16			16		=198

$X^2_c=21.96$  ns- not significant  $X^2_{c,0.05} = 24.996$  df= 15

na ng kolehyo, nanguna uli ang leksikon (40.74%), pangalawa ang sintaks (33.33%), pangatlo ang morpolohiya (14.81%) at panghuli ang mekaniks (11.11%). Sa mga nasa ikaapat na taon na ng kolehyo, nanguna uli ang leksikon (43.75%), pangalawa ang mekaniks (25.0%), pangatlo ang

morpholohiya (18.75%) at panghuli ang sintaks (12.5%). Sa nakapagtapos na ng kurso sa kolehyo at mga nasa ikalimang taon na sa kolehyo, nanguna pa rin ang leksikon (56.25%), pangalawa ang morpolohoya (25.0%), pangatlo ang mekaniks (12.5%) at panghuli sa kanila ang sintaks (6.25%). Kung papansinin kung sino ang may pinakamataas na bahagdan ng madalas magkamali sa bawat uri ay sa morpolohiya, pinakamataas ang mga katatapos lang ng hayskul (29.41%). Sumunod ang nakatapos na ng kurso at yaong mga nasa ikalimang taon na (25.0%). Sumunod ang nasa unang taon (19.40%). Pang-apat ang mga nasa ikaapat na taon (18.75%). Panglima ang mga nasa ikatlong taon (14.81%) at panghuli ang mga nasa ikalawang taon (10.9%). Sa kamalian sa leksikon, halos pare-pareho lang ang lahat ng antas sa bahagdan ng mga nagkamali sa kamaliang ito at napansing ito lahat ang naging pinakamaraming bilang ng kamalian ng bawat antas. Nanguna dito ang mga katatapos ng hayskul (58.82%), pangalawa ang nasa ikalimang taon na ng kolehyo o mga nakatapos ng kurso (56.25%), pangatlo ang mga nasa ikalawang taon (54.54%), pang-apat ang mga nasa unang taon (53.73%), panglima ang mga nasa ikaapat na taon (43.75%) at panghuli ang mga nasa ikatlong taon (40.74%). Sa sintaks, malaking bahagdan ng mga kadeteng nakaabot na ng ikatlong taon sa kolehyo ang naitalang nakagawa ng kamalian dito (33.33%). Samantala'y halos, parepareho na

rin ang bahagdan ng mga nasa ikaapat na taon (12.5%), unang taon (11.94%) at pangalawang taon ng kolehyo (10.9%). Maliit na bahagdan sa mga nakatapos ng kurso o mga nasa ikalimang taon na (6.25%) at yaong mga katatapos ng hayskul (5.88%) ang nakagawa ng kamalian dito. Sa mekaniks, yaong mga nasa ikaapat na taon naman ang may malaking bilang ng kamalian dito (25.0%). Sumunod ang mga nasa ikalawang taon (23.64%). Pangatlo sa bilang ng pinakamaraming nakagawa ng kamalian sa bahaging ito ang mga nasa unang taon (14.92%), pang-apat ang mga nasa ikalimang tao at mga nakatapos ng kurso, panglima ang mga nasa ikatlong taon (12.5%) at panghuli sa dami ang mga kadeteng katatapos pa lamang ng hayskul (5.88%).

Sa istatistikang pagsusuri sa mga datos, ang computed value ay  $X^2_c=21.96$  at ang tabular value naman ay  $X^2_{c0.05}= 24.996$ . Katulad ng iba pang mga salik sa pag-aaral na ito, mas mababa pa rin ang computed value kaysa tabular value kayat hindi tatanggapin ang haypotesis na may epekto ang antas ng edukasyon sa kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan. Samakatuwid, sa pananaliksik na ito, babanggiting walang epekto ang antas ng edukasyon sa kamaliang nagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.

Umaayon ang resulta ng pananaliksik na ito sa mga sumusunod na naunang pag-aaral o pananaliksik ukol sa kamalian:

Sa resulta ng pag-aaral ni Hamada (2001) ay naipakitang hindi nakaapekto ang antas ng edukasyon ng mga kadete sa mga nagagawang kamalian sa pagsulat. Binanggit niyang ang kadeteng katatapos lamang ng hayskul at ang kadeteng nakatapos ng isang kurso sa kolehyo ay parehong nagtataglay ng kakayahan sa paggamit ng wika.

Maging sa pag-aaral ni Dumpayan (2005) sa Performans sa Pagbasa sa Tatlong Pampanitikang Genre ng Class 2006 sa Philippine Military Academy” ay lumabas na hindi nakaapekto ang antas ng edukasyon sa antas ng performans ng mga kadete sa pagsulat.

Ipinahayag ni Corder (1971) na ang mga nagagawang pagkakamali o mga deviant utterances ay mahalaga sa kaalaman sa pagtatamo ng wika. Ang mga kamalian sa wika ay hindi dapat ituring ng isang mag-aaral, ng isang guro at ng isang mananaliksik na kahinaan ng mag-aaral manapa’y ituring itong paraan ng pagkatuto. Ipinahayag din ito ni Selinker (1972) na sinang-ayunan naman ni George (1972) na dapat intindihin ng guro ang kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika.

Ipinahayag din ni Strevens (1969) na naniniwalang ang mga pagkakamaling nagagawa ng isang mag-aaral ng isang pangalawang wika ay hindi dapat ituring na sagabal sa pagkatuto manapa ay ituring itong normal at hindi maiiwasan. Ang mga kamaliang ito ay nagpapakita hindi ng kabiguan ng pag-aaral kundi tagumpay sa proseso ng pag-aaral

ng isang wika.

Ganoon pa man, hindi naman makabubuting hahayaan na lamang ang mga kamaliang ito kaya't nagkakaroon ng ganitong pag-aaral ukol sa pagsusuri sa mga kamalian o error analysis (EA).



## **PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

### Paglalagom

Sa pag-aaral na ito ay sinuri ang mga talaarawan ng mga 4th Class na kadete na Class 2010 ng Philippine Military Academy upang mailarawan ang kanilang kakayahang panlinggwistika. Layunin ng pag-aaral na ito na maisagawa ang mga sumusunod:

1. Masuri ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks na nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.
2. Masuri ang pinagmulan ng mga kamaliang nagagawa ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan.
3. Masuri ang epekto ng mga sumusunod na salik sa kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng talaarawan:
  - a. kasarian
  - b. unang wika
  - c. paaralang pinagtapusan ng hayskul
  - d. antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA

Sa pamamagitan ng mga ipinasulat na talaarawan ay sinuri ang nagagawang kamalian sa pagsulat at inuri ang mga ito gamit ang modelo ni Hendrickson (1980). Ang pag-uuri ay ayon sa kamalian sa morpolohiya, leksikon at sintaks. Sa pag-uuring ito ay hinati sa maling gamit at paglalaktaw. Idinagdag sa pag-uuri ang mekaniks na tumutukoy





naman sa pagbabaybay at pagbabantas. Sinuri rin ang pinagmulan ng mga kamalian sa pagsulat gamit ang "intralingual" ni Richards (1974). Ito ay ang labis na paglalahat, kasalatan ng kaalaman sa tuntunin, di lubos na paggamit ng tuntunin at kamalian sa pagpapakahulugan na saklaw ang paghihinuha ng maling konsepto. Ang mga kamaliang nagawa ay iniugnay sa kanilang kasarian, unang wika, paararalang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA.

Para sa istatistikang pagsusuri ng mga kamalian at pinagmulan ng kamalian ay ginamit ang frequency counts, percent, mean at ranking. Sa epekto ng mga salik sa mga nagawang kamalian ay ginamit ang Chi-Square.

Sa ginawang pagsusuri sa mga datos ay natuklasan ang mga sumusunod:

1. a. Sa kabuuang bilang ng kamalian na 2,615, pinakamarami ang kamalian sa leksikon (42.72%), pangalawa ang kamalian sa sintaks (27.64), pangatlo ang kamalian sa morpolohiya (19.43%) at pang-apat ang kamalian sa mekaniks (10.21%).

b. Sa kabuuang bilang na 1117 kamalian sa leksikon, nanguna sa dami ng bilang ang kamalian sa pandiwa (29.99%), pangalawa ang kamalian sa pang-uri (27.93%), pangatlo ang kamalian sa pang-abay (23.99%), pang-apat ang kamalian sa pangngalan (12.98%) at panghuli

ang kamalian sa panghalip (5.11%).

c. Sa kabuuang bilang na 723 na kamalian sa sintaks, nanguna sa dami ng bilang ng kamalian ang kamalian sa pang-angkop (23.51%), pangalawa ang kamalian sa pangatnig (20.75%), pangatlo ang kamalian sa pantukoy (18.67%), pang-apat ang kamalian sa paggamit ng panandang "ay" (16.46%), panglima ang kamalian sa pang-ukol (12.86%) at panghuli ang kamalian sa pagkakaayos ng mga salita (7.75%).

d. Ang kamalian sa morpolohiya naman ay may kabuuang bilang na 508. Dito'y nanguna sa dami ng kamalian ang panlapi (40.19%), pangalawa ang pagbabanghay (30.31%) pangatlo ang gamit ng pokus (19.09%) at pang-apat ang pananda (10.43%).

e. May naitalang 267 kabuuang bilang ng kamalian sa mekaniks. Sa bahaging ito ay nanguna sa bilang ng kamalian ang kamalian sa pagbabantas (68.91%) at sumunod ang maling baybay (31.09%).

2. Sa mga pinagmulan naman ng kamalian, batay sa modelo ni Richards, ay nanguna sa dami ng bilang ang labis na paglalahat (47.22%), pangalawa ang kasalatan sa kaalaman ng tuntunin (20.62%), pangatlo ang di lubos na paggamit ng tuntunin (17.49%) at pang-apat ang kamalian sa pagpapakahulugan o paghihinuha ng maling konsepto (14.68%).

3. a. Sa salik na kasarian, ang mga babae ay nagkakamali una sa leksikon (40.0%), pangalawa sa sintaks (26.67%), pangatlo ay sa morpolohiya (20.0%) at pang-apat sa mekaniks (13.33%). Ang mga lalaki nama'y nagkakamali una sa leksikon din (47.62%), pangalawa sa mekaniks (26.79%), pangatlo sa sintaks (17.26%) at pang-apat sa morpolohiya ( 8.33%).

b. Sa salik na unang wika, sa morpolohiya, nanguna sa pagkakamali ang mga Waray (40.0%), sumunod ang mga Hiligaynon (38.46%) at pangatlo ang pangkat ng iba pang wika (28.57%). Sa kamalian sa leksikon naman ay nanguna ang Bicol (83.33%), pangalawa ang Bisaya (61.36%), pangatlo ang mga Waray (60.0%). Sa kamalian sa sintaks, nanguna ang mga Tagalog (30.30%), sumunod ang Ilocano (23.08%) at pangatlo ang pangkat ng iba pang wika (19.05%). Sa kamalian sa mekaniks ay nanguna uli ang mga Tagalog (19.70%), sumunod ang mga Ilocano (17.95%) at pangatlo ang mga Bisaya (9.09%).

c. Batay sa paaralang pinagtapusan ng hayskul, sa kamalian sa morpolohiya, mas malaki ang bahagdan ng mga kadeteng nagtapos sa publikong paaralan (15.45%) kaysa sa mga nagtapos sa pribadong paaralan (12.0%). Sa kamalian sa leksikon, mas malaki ang bahagdan ng nagtapos sa publikong paaralan (55.58%) kaysa sa mga nagtapos sa pribadong paaralan (48.0%). Sa kamalian sa sintaks ay mas malaki

naman ang bahagdan ng nagtapos sa pribadong paaralan (20.0%) kumpara sa nagtapos sa publikong paaralan (18.70%). Maging sa kamalian sa mekaniks ay mas malaki ang bahagdan ng nagtapos sa pribadong paaralan (20.0%) kaysa sa mga nagtapos sa publikong paaralan (10.57%).

d. Sa antas ng edukasyon, nanguna sa kamaliang morpolohiya ang mga katatapos pa lang ng hayskul (29.41%), pangalawa ang mga nasa ikalimang taon (25.0%), pangatlo ang mga nasa unang taon ng kolehyo (19.40%), pang-apat ang nasa ikaapat na taon (18.75%), panglima ang nasa ikatlong taon (14.81%) ang panghuli sa ranggo ang mga nasa ikalawang taon (10.9%). Sa kamalian sa leksikon, nanguna na naman dito ang katatapos ng hayskul (58.82%), sumunod ang nasa ikalimang taon na o nakatapos na ng pag-aaral (56.25%), pangatlo ang nasa ikalawang taon (54.54%) pang-apat ang mga nasa unang taon (53.73%), panglima ang mga nasa ikaapat na taon (43.75%) at panghuli ang mga nasa ikatlong taon (40.74%). Sa kamalian sa sintaks, pinanguhan ito ng mga nasa ikatlong taon (33.33%), sumunod ang nasa ikaapat na taon (12.5%), pangatlo ang nasa unang taon ng pagkokolehyo (11.94%), pang-apat sa ranggo ang mga nasa ikalawang taon (10.9), panglima ang mga nasa ikalimang taon at nakatapos na ng kurso (6.25%) at pinakahuli ang mga katatapos ng hayskul (5.88%). Sa mekaniks

naman ay nanguna sa pagkakamali ang mga nasa ikaapat na taon (25.0%), pangalawa ang mga nasa ikalawang taon (23.63%), pangatlo ang mga nasa unang taon (14.92%), pang-apat ang mga nasa ikalimang taon na at nakatapos ng kurso (12.5%), panglima ang mga nasa ikatlong taon (11.11%) at panghuli ang mga katatapos ng hayskul (5.88%).

### Konklusyon

Batay sa resulta ng pananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Sa sinuring talaarawan ng mga kadete, naipamalas na ang kamalian nila sa pagsulat ay una, sa leksikon, pangalawa sa sintaks, pangatlo sa morpolohiya at pang-apat sa mekaniks. Sa leksikon ay nanguna ang kamalian sa pandiwa, pangalawa ang kamalian sa pang-uri pangatlo ang kamalian sa pang-abay, pang-apat ang kamalian sa pangngalan at panglima ang kamalian sa panghalip. Sa sintaks ay nanguna ang kamalian sa pang-angkop, pangalawa ang kamalian sa pangatnig, pangatlo ay ang kamalian sa pantukoy, pang-apat ang kamalian sa paggamit ng panandang "ay", panglima ang kamalian sa pang-ukol at panghuli ang kamalian sa pagkakaayos ng mga salita. Sa kamalian sa morpolohiya ay nanguna naman ang kamalian sa panlapi, pangalawa ang sa pagbababanghay, pangatlo ang gamit ng pokus at pang-apat ang sa pananda.

2. Sa intralingual na pinagmulan ng kamalian, nanguna ang labis na paglalahat, pangalawa ang kasalatan sa kaalaman ng tuntunin, pangatlo ang di lubos na paggamit ng tuntunin at pang-apat ang kamalian sa pagpapakahulugan o paghihinuha ng maling konsepto.

3. Ang mga salik na kasarian, unang wika, paaralang pinagtapusan ng hayskul at antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA ay hindi nakaapekto sa kamalian ng mga kadete sa pagsulat ng kanilang talaarawan.

### Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nagawang konklusyon, ang mga sumusunod ay iminumungkahi:

1. Sa pagtuturo ng wika, pagtuunan ng pansin ang bahaging leksikon dahil natuklasan hindi lang sa pag-aaral na ito kundi maging sa mga naunang pag-aaral ukol sa kamalian na ito kahinaan ng mga mag-aaral.

2. Sa mga pinagmumulan ng kamalian, iminumungkahi ring magkaroon ng pag-aaral ukol sa iba pang pinagmumulan ng kamalian liban pa sa intralingual na pinagmumulan ng kamalian. Maaaring saliksikin ang interlingual o kaya'y induced errors na pinagmumulan ng kamalian.

3. Iminumungkahi rin ng mananaliksik na magkaroon pa ng mas

malawak na pang-unawa ang mga guro na nagtuturo ng wika maging ito ay Filipino o Ingles upang lalong maging matagumpay ang pag-aaral ng alin mang pangalawang wika.



## **SANGGUNIAN**

- ABARCA, L.J. 1985. Errors in the Formal Themes of the First Year Secondary Trade School Students of the Isabela School of Arts and Trades. Unpublished Master's Thesis, Isabela Colleges Foundation, Isabela.
- ABISAMRA, N. 2003. An Analysis or Errors in Arabic Speakers' English Writings. American University of Beirut. Beirut.
- ALANO, A.C. 1979. Toward a Description of the Functions of Cognitive and Non-Cognitive Meaning in the communicative Competencies of Second Language Learners. Unpublished Dissertation, University of the Philippines.
- ALLWRIGHT, R.L. 1977. English as an International Language. Reading in EIAL.
- ANTONIO, M.L.B. 2000. Pagsusuri sa Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Tabuk. Di nailathalang Tesis. Saint Louis University, Baguio City.
- ARIBUADA, C.P. 1986. Common Difficulties in the English Work of Mariano Marcos' State University Laboratory High School, 4<sup>th</sup> Year. Unpublished Master's Thesis, Mariano Marcos State University, Laoag City.
- AROMIN, L.M. 1995. Mga Kahirapan sa Hekasi ng mga Batang nasa Ika-limang Baitang - Benguet State University Elementary Laboratory School at Balili Elementary School. Unpublished Master's Thesis. Benguet State University, Benguet.
- BAUTISTA, A. 1995. Motivations and English Proficiency Level of Student Teacher Training in the Cordillera Administrative Region. Unpublished Dissertation, University of Baguio.
- BAYLON, N. 1987. Pamamaraan sa Pagsulat ng Komposisyon, Hand out, Seminar Workshop, Makati, Metro Manila.
- BOLLINGER, D. 1971. Semantic Overloading: A Study of the Verb Remind. Language in Society.





- BROWN, D.H. 1987. Principles of Language Learning and Teaching. Prentice-Hall, Inc., Englewood Cliffs, New Jersey.
- BURT, M. AND KIPARSKY, C. 1972. The Gooficon: A Repair Manual for English. Rowley Massachusetts: Newbury House.
- BUSTOS, A.S. and ESPIRITU S.C. 1996. Psychological, Antropological and Sociological Foundations of Education. Quezon City: Katha Publishing Co. Inc.
- CAMPBELL, T. at WALES. 1970. Halaw mula kay TAGUBA, R.K. 1987. Evaluation of the Written Compositions of 4<sup>th</sup> Year High School Student as Elicited the Non-Verbal Stimuli. Unpublished Ph.D. Dissertation. Saint Louis University. Baguio.
- CASINO, C.J. 1994. Linguistic Analysis of Sermons Among Evangelical Preachers in Baguio City. Unpublished MA Thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- CAUINIAN, C.R. 1995. Common Errors in English Written composition of Freshmen College Students of Isabela State University and their Ability to Detect Errors in a Weak Prose Compositions: A Correlation Study. Unpublished Master's Thesis, Saint Mary's College, Bayombong, Nueva Viscaya.
- CHAUDRON. 1986. Second Language Classroom Research in Teaching and Learning. Cambridge: Cambridge University Press.
- CHOMSKY, N. 1965. Aspects of the Theory Syntax. The Hague: Newton.
- CORDER, S.P. 1967. The Significance of Learner's Errors. Reprinted in J.C Richards (ed) 1974, 1984) Error Anaysis Perspective on Second Language Acquisition. London: Longman.
- \_\_\_\_\_ 1971. Idiosyncratic Errors and Error Analysis. IRAL Reprinted Richards 1974.
- \_\_\_\_\_ 1978. Learner-Language-Learner. In Understanding Second and Foreign Language Learning. J.C. Richards (Ed.) Rowley, Massachusetts: Newbury House Publishers, Inc.

- CORPUZ, J.F. 1987. A communication Needs Profile of Pre-Service Teacher Education Students of the University of Baguio. Unpublished Master's Thesis. University of Baguio.
- DUMPAYAN, V.A. 2005. Performans sa Pagbasa sa Tatlong Pampanitikang Genre ng Class 2006 sa Philippine Military Academy. Di-Nailathalang Master's Tesis, Benguet State University. Benguet.
- EPISTOLA, L.C. 2000. Pambalarilang Kamalian sa Pagsulat ng Mag-aaral sa Unang taon ng Kursong Edukasyon ng Baguio Colleges Foundation, Baguio City. Unpublished Master's Thesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- FINNOCHARRO, M. 1979. The Notional Syllabus. English Teaching Forum.
- GABRIEL, C.C. 1990. Mga Karaniwang Kamalian sa Sulating Pormal sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon, Sangay ng Rizal. Di-Nailathalang Tesis, National Teachers College, Manila.
- GEORGE, H.V. 1972. Common Errors in Language Learning. Rowley, Massachusetts: Newbury House.
- HAMADA, I.B. 2001. An Error Analysis of Written Compositions in Four Rhetorical Acts by Fourth Class Cadets. Unpublished Master's Thesis, Saint Louis University, Baguio.
- HENRICKSON, J.M. 1980. The Treatment of Error in Written Work. Modern Language Journal.
- HOLMES, J. 1978. Sociolinguistic Competence in the Classroom. In Understanding Second and Foreign Language, J.C. Richards (Ed.) Rowley Massachusetts: Newbury House Publishers, Inc.
- HUFANA, E.R. 1982. Evaluation of Composition Errors in Rhetorical Acts Used In Agricultural Science by Freshman College Students. Unpublished PH.D. Dissertation. Saint Louis University, Baguio City.
- HUFANA, E.R. at MINONG. 1983. Errors Committed by MSAC College Freshmen in Dicto-Comp Exercises. PES Forum.


- HYMES, D. 1967. *Communicative Competence in Sociolinguistics: An Interactional Handbook of the Science of Language and Society*. Ed. Ulrich Ammon – Berli: de Gruyter.
- \_\_\_\_\_ 1970. *Directions in Sociolinguistics*, eds. J. Gumperz and Dell Hymes. New York: Holt Rinehart and Winston.
- JAMES, V.D. 1998. "The Study of Learning English" Rowley Mass: Newbury House.
- KELLY, W.A. 1965. *Educational Psychology*. Milwaukee: Bruce Publishing Com.
- KRASHEN, S.D. 1985. *Second Language Acquisition and Second Language Learning*. Oxford: Pergamon Press. Inc.
- LADO, R. 1964. *Language Teaching: A Scientific Approach*. Mc Graw Hill.
- LANGE, D. L. 1977. Thoughts from Europe about Learning a Second Language in the Classroom. *Modern Language Journal*.
- LUNES, R. 1999. *A Communication Needs Profile of Pre-Service Teacher Education Student of the University of Baguio*. Unpublished Master's Thesis. University of Baguio.
- LUBRICA, C. 1986. *Communicative Competence in Filipino Among Freshmen College Students in Benguet State University*. *Disertasyong Pandoktoral sa Edukasyon*, University of Baguio.
- MAYOS, N. 1988. *Mga Kahirapan sa Balarilang Pilipino ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Taon ng Mataas na Paaralan ng Pamantasan ng Benguet sa Panuruang Taon 1987-1988*. *Di-Nailathalang Masteral Tesis*, Baguio Central University, Baguio City.
- MILAN, R. 1992. *Competence in English Grammar of the First Year Student of the Mt. Province General Comprehensive High School*. Unpublished Thesis, University of Baguio.
- MONTERA, A.A. 1989. *The Common Errors Committed in Formal Theme Writing in English*, Cantela Carrascal District, Division of Surigao

- del Sur. Unpublished Master's Thesis, South Western University, Cebu City.
- MYLES. 1970. *Second Language Writing and Research: The Writing and Error Analysis in Student Texts.*
- NEMSER, W. 1971. *Approximative Systems of Foreign Language Learners.* IRAL.
- OLLER, J. 1971. *Transformational Grammar, Pragmatics and Language Teaching.* English Teaching Forum.
- PALAZO, M.Z. 2003. *Sikolinggwistikang Pagsusuri sa Pagsulat ng Talaarawan ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Benguet State University, Unpublished PH.D. Dissertation, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.*
- PANNIG, A. A. 1989. *Mga Salik na Nauugnay sa Kakayahan sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral ng Ikalawang Taon ng Isabela National High School. Di-Nailathalang Tesis, Pampamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes.*
- PEREZ, U. 1973. *A Study of the Common Error in the Written English Composition Committed by Freshmen College Student of MSAC, 1st Sememster 1972-1973. Unpublished Master's Thesis. Benguet State University. Benguet.*
- REGANA J. 1990. *Writing – Major Problem. Philippine Journal of Education. Volume XLVII, No.2, August 1990.*
- RICHARDS, J.C. 1974. *Error Analysis on Second Language Strategies in Focus on the Learner: Pragmatic Perspectives for the Language Teacher.* Rowley Mass: Newburry House.
- RICHARDS and SIMPSON. 1974. *The Study of Learner English.* In J.C. Richards ed. *Error Analysis. Perspective in Second Language Acquisition.* London: Longman.
- SANTIAGO, A. O. 1985. *Linggwistika at Panitikan.* Manila: Rex Printing company, Inc.
- SAVIGNON, S.J. 1972. *Communicative Competence: An Equipment in*

Foreign Language Teaching. Philadelphia: Center for Curriculum Development.

- \_\_\_\_\_ 1993. Communicative Language Teaching: State of the Art. TSEOL Quarterly.
- SELINKER, L. 1972. The Interlanguage Hypothesis Extended Children Language Learning. Oxford University Press.
- SIBAYAN, E.S. 1995. Mga Kahinaan sa Pagsulat ng Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang sa Distrito ng Alcala. Di-nailathalang Tesis, Saint Louis College of Tuguegarao, Tuguegarao, Cagayan.
- SKINNER, B.F. 1957. Verbal Behavior. New York. Appletons. Century London.
- STERN, H.H. 1983. Fundamental Concepts of Linguistics Teaching. Oxford. Oxford University Press.
- STREVENS P. 1969. Two Ways of Looking Error Analysis. ERIC ; 03774.
- \_\_\_\_\_ 1978. The Nature of Language Teaching. In Understanding Second and Foreign Language Learning. J. Richards (ed), Rowley, Massachusettes: Newbury House Publishers, Inc.
- SVARTIK, JAN. (ed) 1973. Errata: Papers in Error Analysis. Lund. CWK. Gleerup.
- TACORDA, A. 1989. Mga Karaniwang Kamalian sa Kathang Pagsulat ng mga Piling Mag-aaral sa Filipino I sa Pamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes. Di-nailathalang Tesis, Pampamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes.
- TAGUBA, R.K. 1987. An Evaluation of the Written Compositions of Fourth Year High School Student. Di-nailathalang Disertayong Pandoktoral sa Pilosopiya, Saint Louis University, Baguio City.
- TIBAGACAY, T.B. 2001. Karaniwang Kamalian sa Pagsulat sa Wikang Filipino ng mga Kadete sa Akademya Militar ng Pilipinas. Unpublished MA Thesis, Benguat State University, Benguet.

- UC, M. 1998. Natural Language Learning and Learning Foreign Language in the Classroom. *British Journal of Language Teaching*.
- ULLERO T.1987. Mga Salik na may Kaugnayan sa Kakayahan ng Pagsulat ng Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Kolehiyo ng University of Northern Phillipines. Di-nailathalang Tesis, Pamantasan ng Hilagang Pilipinas, Vigan Ilocos Sur.
- UMALI, M.D. 1991. Wikang Filipino. *Modern Teacher* August 1991.
- VARGAS S.C.1989. Socio Demographic Characteristics and Performance in Written English Composition of Fourth Year High School Students in Bicol University College of Fisheries, Tabaco Albay. Di-Nailathalang Tesis, Bicol University.
- WALKER J.C. 1973. Opinions of University Students About Language Teaching. *Foreign Language Manuals*.
- WEINRICH, U. 1953. *Language in Contact*. The Hague. Mouton.



## APENDIKS A

Philippine Military Academy  
Departamento ng Humanidades  
Fort Del Pilar, Baguio City

Sa mga kadete,

Ang mananaliksik ay nagsasagawa ng isang pag-aaral ukol sa inyong panlinggwistikang kakayahan sa pagsulat partikular sa pagsulat ng talaarawan gamit ang wikang Filipino. Ang mga sumusunod ay salik na maaaring makaapekto sa kalalabasan ng pag-aaral. Punan ang mga hinihinging impormasyon at pakilagyan ng tsek ang mga impormasyon na naaayon sa inyo.

Asahan ninyong lahat ng inyong mga kasagutan ay ituturing na "highly confidential"

Maraming salamat.

Gng. Nilda B. Bendalan

1. Pangalan: \_\_\_\_\_
2. Kasarian:  babae  lalaki
3. Unang Wika (Wikang unang natutunan at ginagamit sa tahanan)
  - Bicol
  - Bisaya
  - Hiligaynon
  - Ilocano
  - Pampangueno
  - Pangasinensi
  - Tagalog
  - Waray
  - Iba pa (Pakisulat): \_\_\_\_\_




## 4. Paaralang Pinagtapusan ng Hayskul:

- Pribadong paaralan
- Publikong paaralan

## 5. Antas ng edukasyon bago pumasok sa PMA

- Nakatapos ng hayskul
- Unang taon ng kolehyo
- Pangalawang taon ng kolehyo
- Pangatlong taon ng kolehyo
- Pang-apat na taon ng kolehyo
- Panglimang taon ng kolehyo / Nakatapos ng kurso





## APENDIKS B

## Panuto sa Pagsulat ng Talaarawan

Basahin at sundin ang mga sumusunod na magiging gabay sa pagsulat ng talaarawan.

1. Magmula ngayong Lunes hanggang sa Biyernes, itala sa inyong talaarawan ang mga magaganap mula sa inyong pangkagising hanggang sa inyong pagtulog.
2. Ang bawat araw ay bubuuin ng isang talata na may lima hanggang sampung pangungusap kayat ang isang buong papel ay maglalaman ng dalawang araw.
3. Isulat nang pasalaysay (narration) ang mga pangyayari.
4. Dahil ito'y talaarawan, maituturing itong intrapersonal na uri ng komunikasyon, isulat kung ganun nang walang inhibisyon ang mga mangyayari inyong buhay.
4. Gamitin ang wikang Filipino sa pagsulat ng inyong talaarawan.
5. Anumang impormasyong inyong ilalahad sa talaarawang ito ay ituturing na "highly confidential" at walang bahagi nito na gagamitin laban sa inyo. (Ang pagtutuunan ng pananaliksik ay ang linggwistikang bahagi ng paggamit ng wikang Filipino.)



## TALAMBUHAY

Ang mananaliksik na si Nilda Benjamin Bendalan ay panganay sa dalawa niyang kapatid na Cliff at Richard. Sila ay mga anak nina G. Mario M. Benjamin at Gng. Cristina T. Malapit ng Acop at Bangho Tublay Benguet.

Siya ay ikinasal kay Lito R. Bendalan ng Balili, La Trinidad Benguet noong December 1997 at sa kasalukuyan ay nabiyayaan sila ng dalawang anak na lalaki, Pernell at Leinell, walo at dalawang taong gulang.

Ang mga taon sa paaralan ng mananaliksik ay hindi naging madali subalit puno ng kulay at makabuluhang karanasan. Nagpalipat-lipat siya ng paaralan. Sa katunayan ay nagkaroon siya ng walong paaralan mula sa kanyang Elementarya hanggang sa nakatapos siya ng kolehyo. Bagamat hindi siya namalagi sa iisang paaralan, hindi ito naging hadlang sa pagkakamit niya ng mga parangal sa bawat taon ng kanyang pag-aaral. Nabigyan din siya ng pagkakataong makapanirahan sa mga lugar na may iba-ibang wika at kultura na nagbigay sa kaniya ng mas malawak na karanasan at pang-unawa sa buhay. Naging iskolar siya ng pamahalaan at habang nag-aaral ay nagtatrabaho na rin. Ang mga karanasang ito ang nagturo sa kanya upang magkaroon ng pagpapahalaga sa edukasyon.

Pagkagradweyt niya ng kolehyo, habang hinihintay ang lisensya sa



pagtuturo ay nagtrabaho siya bilang liason officer ng isang kompanya ng car sales. Pagkatapos ng isang taon ay pinalad siyang makapagturo sa Cordillera Career Development College at tumagal siya duon ng limang taon sa kanyang pagtuturo sa sekondarya at kolehyo. Noong June 2000 ay lumipat siya sa kasalukuyan niyang pinagtuturuan, sa Philippine Military Academy. Sa kanyang pagtuturo ay nagkaroon din siya ng karanasan sa pakikisalamuha sa kanyang mga estudyanteng nagmula sa iba't ibang lugar ng Pilipinas at may kanya-kanyang wika at kultura. Ito at ang kanyang mga karanasan sa kanyang pag-aaral ay nagbigay sa kanya ng inspirasyong magkaroon ng sariling pananaliksik ukol sa kaugnayan ng wika at kultura sa pagkatuto. Ang kasalukuyang pananaliksik ay isa pa lang maraming pag-aaral ukol dito.